

COVER PAGE

Panimulang Salita

Misyon: Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagsiguro ng makatwirang paggamit, pagsara ng puwang sa pagkakataon, at kahusayan sa edukasyon para sa bawâ't mag-aaral
Pananaw: Bawâ't mag-aaral ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay tatanggap ng isang mataas na uri, ika-21 siglong edukasyon at magtatapos handa para sa kolehiyo, karera at buhay.

Mga Nilalaman

Panimulang Salita	2
Mga Karapatan ng Mag-aaral	5
Mga Pananagutan ng Mag-aaral	6
Mga Pananagutan ng Paaralan	6
Mga Pangako ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle	9
Asal ng Mag-aaral (Dating Koda ng Asal)	10
Mga Karapatan sa Apela sa Disiplina	26
Apendiks A: Mga Pakahulugan	40
Apendiks B: Halimbawa ng Pormularyo ng Pamamagitan sa Droga/ Alkohol	43
Apendiks C: Halimbawa ng Pormularyo ng Pamamagitan	45

Pagkakapantay at Patakaran sa Pagsunod:

Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ("SPS") ay nagbibigay ng Pantay na Pagkakataong Edukasyonal at Pantay na Pagkakataon sa Trabaho at hindi nagtatangi sa anumang mga programa o aktibidad batay sa kasarian, lahi, paniniwala, kulay, relihiyon, pinanggalingan, edad, katayuan sa buhay, sekswal na kinalakihan, kasama ang kasariang pananalita o pagkakakilanlan, pagbubuntis, kalagayang matrimonyal, pisikal na anyo, pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pakiramdam, mental o pisikal, pagkatiwalag na may karangalan na beterano o militar na kalagayan, o sa paggamit ng sinanay na giyang aso o serbisyong hayop. Ang SPS ay nagbibigay ng pantay na paggamit sa mga Boy Iskaut at ibang hinirang na grupo ng kabataan. Para sa mga mag-aaral at mga miyembro ng publiko, ang mga sumusunod na mga kawani, ang naatasang mangasiwa ng mga katanungan at reklamo laban sa bintang ng pagtatangi at maaaring maabot sa pamamagitan ng koreo sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, MS 32-149, PO Box 34165, Seattle, WA 98124-1166 o sa pamamagitan ng telepono o email tulad na nakasulat na impormasyon sa ibaba:

- *Para sa pag-aalala sa sekswal na diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kontakin:* Titulo IX Grievance Coordinator, (206) 252-0367 o titleix@seattleschools.org
- *Para sa pag-aalala sa diskriminasyon sa may kapansanan kontakin:* ADA/Section 504 Grievance Coordinator, (206) 252-0178, o accessibility@seattleschools.org
- *Para sa lahat ng ibang uri ng diskriminasyon, kontakin:* Student Civil Rights Compliance, oscr@seattleschools.org

Para sa mga katanungan ng kawani tungkol sa o mga pakiusap na may kaugnayan sa pangangailangan ng may kapansanan at/ o reklamo na bintang na diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kontakin: Katulong na Superintendente ng Human Resources, Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, Mailstop 33-157, PO Box 34165, Seattle WA, 98124-1166, o (206) 252-0024, o hreeoc@seattleschools.org

Positibong Paniniwala, Positibong Pakikipag-ugnayan, Positibong Pag-aaral at Positibong Pakikipagsamahan sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

Ang makabuluhang pag-aaral ay nangyayari sa mga kapaligiran na ligtas, positibo, hindi nagbabago, at nahuhulaan ang mangyayari. Kapag ang mga prinsipyo ng kaalamang pangkultura, kaligtasan, paggalang, katapatan, pananagutan, at katarungan ay ipinakikita sa buong sistema, nagtitiwalang pagsasamahan ang bunga at kahusayan para sa bawat isang mag-aaral ay maaring makamantan.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagpapatuloy ng kahusayang pangkultura na gumagalang at pinahahalagahan ang pagkakaiba sa buong Distrito sa mga paaralan at sa mga silid-aralan, at nagsisilbing gabay sa mga desisyon sa pagtataguyod ng pantay at makatarungang pagtrato sa lahat.

Ang isang positibong pampaaralang klima ay mahalaga sa pagtataguyod ng isang damdamin na may kinaaaniban ka at sumusuporta sa kahusayan para sa bawat isang mag-aaral. Kabilang sa mga positibong pampaaralang klima ay:

- Isang pananaw batay sa magkasamang paniniwala, pagpapahalaga, ritwal at mga kuwento na lumago bilang bahagi ng kultura.
- Nagtutulungang pagsasamahan at magalang na mga aksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral, pamilya at kawani.
- Makatwiran at pantay na pagtrato na gumagalang at nagpapahalaga sa lahat ng kultura.
- Isang pisikal na kapaligiran na tumatanggap, ligtas at maaaring magamit ng lahat.
- Regular na pagtaya at pagrepaso sa sarbey ng klima ng paaralan, ng mga mag-aaral, pamilya, kawani at mga mamumuhunan.

Karagdagan sa isang positibong klima ng paaralan, nauunawaan namin na paminsan minsan ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng emosyonal at/ o pisikal na pagod. Sa mga panahong ito, ang mga mag-aaral ay hinihimok na magbahagi sa isang pinagkakatiwalaang may edad sa paaralan at ang kawani ay may pangako sa pagsuporta sa bawat mag-aaral upang siya ay makalahok ng buo sa araw ng pag-aaral.

Ang aming *Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral* ay nagtatakda ng mga alituntunin at patakaran ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle hinggil sa asal ng mag-aaral. Ito ay ginawa sa pagsunod sa mga kautusan ng batas ng Estado at ipinantay sa Estratehikong Plano ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle. Ito ay tumutukoy sa mga seksiyon ng Washington Administrative Code (WAC) na namamahala ng paggamit ng pagpapatamang aksiyon (hal. disiplina, pagsuspendi at pagpapatalsik) para sa sinumang mag-aaral ng paaralang distrito.

Ang saligan ng patakaran sa disiplina ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay isang paghahadlang, sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang positibong paaralang klima na kinabibilangan ng magkahating pag-asam na mabuting kaasalan at isang paniniwala tungkol sa inaasahang asal na kinapapalooban ng mga mag-aaral, pamilya, guro, namamahala, boluntaryo, at ibang kawani. (Sa loob ng balangkas ng Pamamagitan ng Positibong Asal at mga Suporta (PBIS)). Ang mga pamamaraan ng pagdisiplina at estratatehiya ng paghadlang ay layong bawasan o alisin ang pagkawala ng oras ng pagtuturo at resulta ng pagkataliksik sa paaralan dahil sa masamang asal. Ang dokumentong ito ay natutungkol sa lahat ng mga mag-aaral at idinisenyo upang turuan ang lahat na miyembro ng pamayanan sa mga alituntunin, patakaran at pamamaraan ng karapatan na marinig. Hinihimok namin ang mga pamilya upang suriin ang Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral kasama ang kanilang mag-aaral. Ito'y naglalarawan ng aming mga pag-asam sa paaralan gayundin kung ano ang maaaring asahan ng mga mag-aaral mula sa mga may edad sa paaralan.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay naglalathala din at ibinabahagi ang “Pamantayang Alituntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle” sa anyong pulyeto sa lahat ng mga mag-aaral sa simula ng bawat paaralang taon.

Ang mga katanungan tungkol sa *Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral* ay maaaring ipadala sa Tanggapan ng Disiplina sa: discipline@seattleschools.org; (206) 252-0820; 0

Seattle Public Schools
MS 31-177
P.O. Box 34165
Seattle, WA 98124-1165

Ang mga pagtatanong ay tutugunin alinman ng tuwiran o isasangguni sa tamang tapapamahala ng paaralan. Ang mga patakaran ng Lupon ng Paaralan na binabanggit sa dokumentong ito ay maaaring makita sa [https://www.seattleschools.org/district/board nav/policies and procedures](https://www.seattleschools.org/district/board/nav/policies%20and%20procedures).

Mga Karapatan ng Mag-aaral

Bilang miyembro ng pamayanan ng paralan, ang mga mag-aaral ay may karapatan sa:

- Isang maayos at ligtas na silid-aralan at paaralan;
- Isang may uri na may kaugnayan sa kultura na edukasyon na may mataas na pag-asam at tamang suporta;
- Magalang at mapitagang pagtrato;
- Mapakinggan sa at marinig ang kanilang tinig.
- Magkaroon ng pantay na paggamit sa mga klase, serbisyo, tulong, at karagdagang aktibidad;
- Makilala at mapangalagaan sa paaralan; at
- Mabigyan ng pagkakataon upang matuto mula sa kamalian.
- Tumanggap ng suporta na laan upang magturo ng pananagutan at ayusin ang mga relasyon.

Sa karagdagan, ang mga mag-aaral ay mayroong karapatang konstitusyonal at ang mga paaralan ay hindi tamang manghimasok sa mg karapatang iyon. Ang mga paaralan, gayunman, ay maaaring magtakda ng makatwirang limistasyon sa mga karapatang iyon upang matupad ang kanilang pananagutan na makapagturo. Ang mga mag-aaral ay may karapatan na:

- Kalayaan sa Pananalita
- Pagtitipon
- Petisyon
- Maglathala
- Walang hindi makatarungang pagsaliksik at pagsamsam¹
- Pantay-pantay na pagkakataon sa pag-aaral²
- Relihiyon³

¹ Ang mga mag-aaral ay kailangang malaya mula sa hindi makatarungang pagsaliksik at pagsamsam. Para sa kaligtasan ng lahat, gayunpaman, ang mga sumusunod na alintuntunin ay susundin:

- Pangkalahatang pagsasaliksik sa pag-aari ng paaralan. Kasama ang mga locker at pupitre, ay maaaring gawin ng walang pasabi.
- Ang mga bagay gaya ng sandatang pumuputok, ibang armas, mga paputok, o anumang bagay na maaaring makatwirang maging isang banta sa kaligtasan o siguridad, o makagulo sa pamamaraan ng pag-aaral ay maaaring samsamin at alisin sa pag-aari ng mag-aaral.
- Sa pangkalahatan, ang mga pagsasaliksik sa katawan ng mag-aaral (maliban sa hubarang pagsasaliksik) o pag-aari ay maaaring isagawa sa makatwirang hinala na mayroong kontrabando o ibang katibayan na maling pag-uugali, hangga't ang mga pamamaraang ginamit ay makatwirang may kaugnayan sa layunin ng pagsasaliksik at ang pagsasaliksik ay hindi labis na panghihimasok ayon sa gulang at kasarian ng mag-aaral, ang uri ng hininalang paglabag at ang impormasyon na kung saan ibinatay ang pagsasaliksik.
 - Ang batas ng Washington (RCW228A.600.230(3)) ay nagbabawal ng hubad na pagsasaliksik sa mga mag-aaral ng isang administrador ng paaralan at mga tao na nasa ilalim ng kanilang pamamahala. Ang "Hubad na pagsasaliksik" ay malawak ang pakahulugan. "Paghubarin ang tao o ayusin ang ilan o lahat ng kanyang damit upang mainspeksiyon ang pag-aari, puwit, o panloob na damit ng tao o mga suso ng isang babae".

² Ang mga mag-aaral ay hindi dapat itangi ng labag sa batas dahilan sa pinanggalingan, lahi, relihiyon, katayuan sa buhay, kasarian, sekswal na kinalakihan, kasariang pananalita o pagkakakilanlan, pagbubuntis, kalagayang matrimonial, nakaraang pagkaaresto, nakaraang pagkabilanggo, pagkabaldang pisikal, mental o pakiramdam. Ang mga kaibahang iyon ay hindi isasama laban sa mga mag-aaral o gagamitin bilang batayan para tiyakin muna ang mga kakayahan ng mag-aaral.

³ WAC 392-400-227 at School Board Policy No. 3240

Mga Pananagutan ng Mag-aaral

Bilang miyembro ng pamayanan ng paaralan, ang mga mag-aaral ay kinakailangang may personal na pananagutan sa:

- Magbahagi sa isang pinagkakatiwalaang may edad sa paaralan kung sila ay nakararanas ng problemang emosyonal o pisikal para sa layuning makakuha ng tulong o suporta;
- Magmungkahi para sa kanilang edukasyonal, kultural, sosyal at emosyonal na pangangailangan;
- Lumahok sa pinag-isang magalang na pag-uusap sa mga kawani at ibang mga mag-aaral;
- Tanggapin ang makatwirang kinalabasan kung hindi makuha ang mga pag-asam na asal at gamitin ang pagkakataon na matuto sa kanilang kamalian; at ayusin ang mga relasyon;
- Pumasok sa paaralan araw-araw at handa sa lahat ng klase;
- Makatulong sa isang ligtas at positibong klimang pampaaralan;
- Igalang at alalahanin ang karapatan ng ibang tao at mga grupo;
- Unawain at sundin ang “Batayang Alituntunin ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle” at mga alituntunin ng indibidwal na paaralan;
- Magdamit ng maayos para sa paaralan sa paraan na hindi magiging sanhi ng mga suliranin para sa kaligtasan o kalusugan;
- Sagutin at sundin ang mga tagubilin ng kawani ng paaralan; at
- Igalang ang ari-arian ng iba at ang paaralan.⁴

Mga Pananagutan ng Paaralan

Ang mga kawani ng paaralan ay may pananagutan na:

- Bumuo ng isang ligtas at positibong klimang pampaaralan;
- Pag-aralan, mangalaga at magtayo ng positibong pakikipagsamahan sa mga mag-aaral;
- Panatilihin sa mga mag-aaral ang mataas na pag-asam at magbigay ng may uri at epektibong instruksiyon;
- Magmodelo ng magalang at mapitagang pagtrato;
- Magbigay ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na mapakinggan ang kanilang tinig;
- Pasiglahin ang paglahok ng pamilya sa paglutas sa patuloy na mga problema;
- Pasiglahin ang paglutas sa mga problema sa loob ng paaralan; at
- Magbawas at mag-alis ng pagkawala ng oras ng pagtuturo at mga pangyayari sa labas ng paaralan;
- Unawain na ang mga layunin ng disiplina ay upang suportahan ang pagbabago ng asal, hindi para parusahan; at
- Magbigay ng disiplina na layong magturo ng pananagutan at mag-ayos ng relasyon.

⁴Nota: Ang RCW 28A.635.060 ay nagpapahintulot sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle na bumimbin sa grado, diploma at tala ng grado ng sinumang mag-aaral na responsable sa pagkawala o sadyang pagputol, sirain ang anyo o wasakin ang anumang ari-arian ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, ng isang kontraktor ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, kawani o ibang mag-aaral hanggang sa ang mag-aaral o ang magulang o tagapag-alaga ay nakabayad sa lahat ng pinsala. Kung ang mag-aaral at magulang o tagapag-alaga ay hindi nakabayad sa mga pinsala, ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay magbibigay ng programa na boluntaryong pagtatrabaho sa mag-aaral kapalit ng kabayaran sa mga pinsala. Pagkatapos makumpleto ng mag-aaral ang boluntaryong trabaho, ipalalabas ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ang mga grado, diploma at tala ng mga grado ng mag-aaral.

Sinumang mag-aaral, magulang o tagapag-alaga na maagrabyado ng pagpapataw ng nasa itaas na pagpapahintulot ay magkakaroon ng karapatan sa pagdinig para maipagtanggol ang sarili sa seksyon ng Pamamaraan sa Reklamo sa Disiplina, WAC 392-400-240.

Disiplina ng Mag-aaral⁵

Lahat ng mga mag-aaral ay sasailalim sa mga patakaran, alituntunin, at regulasyon ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle. Ang nakasulat na alituntunin ay nilalayon na masiguro na ang positibong disiplina at pagdisiplina aksiyong ay ipinataw para sa makatwirang dahilan, at ipinataw na walang kinikilingan, at makatarungan, at makatwirang paraan. Ang mga mag-aaral ay madidisiplina kung hindi sila sumunod sa anumang nakasulat na alituntunin at regulasyon habang nasa loob ng paaralan, sa lugar ng paaralan, nasa transportasyon na tangkilik ng Distritong Paaralan o sa ibang pagdiriwang na tangkilik ng paaralan. Ang mga mag-aaral ay didisiplinahin din kung hindi sila sumunod sa anumang nakasulat na alituntunin at regulasyon sa anumang pagkakataon na mayroong tunay at mahalagang kaugnayan sa pagpapatakbo ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, kasama, subali't hindi limitado sa, pagpapanatili ng kaligtasan ng mga mag-aaral at mga kawani at pagpapanatili ng isang edukasyonal na proseso na makatutulong sa pag-aaral.

Ang pamamaraan sa pag-apela ay ginawa na upang makapagbigay ng pagkakataon sa aksiyong pangdisiplina na susuriin ng ikatlong grupo na niyutral upang ipanatili ang kompiyansa sa mga mag-aaral at pamilya sa katumpakan ng aksiyong pangdisiplina.

Kapangyarihan ng Kawani ng Distrito

Mga tao na may kapangyarihan na dumisiplina sa mga mag-aaral:⁶

1. Ang Lupon ng Paaralan ay nagpapahintulot sa mga sertipikadong guro, mga administrador ng paaralan, tsuper ng bus, at sinuman sa mga kawani ng paaralan ng kapangyarihan na magpataw ng pagdidisiplina sa isang mag-aaral para sa maling pag-uugali na lumabag sa mga tuntunin ng Paaralang Distrito. Ang mga taong ito ay maaari din na magpaalis ng mag-aaral sa emerhensiyang batayan mula sa klase, asignatura, o aktibidad.
2. Ang Lupon ng Paaralan ay nagpapahintulot sa mga guro na magpaalis sa mga mag-aaral na gumagawa ng gulo sa edukasyonal na proseso sa kanilang silid-aralan hanggang sa katapusan ng araw ng klase o hanggang ang administrador at ang guro ay nag-usap tungkol sa nangyari, alinman ang nauna. Maliban sa mga emerhensiyang pagkakataon, ang guro ay inaasahan na unang subukan ang isa o higit pang pagpipiliang paraan ng pagtutuwid ng aksiyong pangdisiplina. Hindi mangyayari na ang isang mag-aaral ay papayagang bumalik sa buong peryod ng klase ng walang pahintulot ng guro.
3. Ang Lupon ng Paaralan ay nagpapahintulot sa mga punong-guro ng paaralan, katulong na punong-guro, at kanilang mga hinirang na magpataw ng disiplina ng paaralan, suspensyon sa loob ng paaralan, panandaliang suspensyon, pangmatagalang suspensyon, emerhensiyang pagpapatalsik, at pagpapatalsik.

Mga Kondisyon at Limitasyon sa Disiplina⁷

Ang disiplina na ipinataw sa isang mag-aaral na lumabag sa mga alituntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay hindi dapat kabilang ang parusang korporal.

5. WAC. 392-400-210

6. WAC 392-400-230

7. WAC 392-400-235

Hindi kasama sa korporal na parusa ang:

- a. Ang paggamit ng makatwirang pisikal na lakas ng isang administrador, guro, kawani ng paaralan o boluntaryo na kinakailangan para mapanatili ang kaayusan o upang mapigilan ang isang mag-aaral na saktan ang kaniyang sarili, ibang mag-aaral, kawani ng paaralan, o ari-arian;
- b. Pisikal na sakit o hirap sanhi ng o resulta mula sa pagsasanay para sa pagsali sa atletikong paligsahan o libangang aktibidad na boluntaryong sinalihan ng mag-aaral;
- c. Pisikal na pagpipilit na binabahagi ng lahat ng mga mag-aaral sa isang aktibidad sa klase na pinamamahalaan ng guro, na maaaring kabilang, subali't hindi limitado, sa ehersisyong pisikal na pang-edukasyonal na pag-aaral; lakbay-aral, o mga proyekto sa bokasiyonal na pag-aaral, o
- d. Pisikal na pagpigil o pagbubukod ng mag-isa bilang tugon sa mag-aaral kung makatwirang kailangan upang mapigil ang likas na asal na nagbabanta ng malamang na malubhang pananakit at gagawin ito ayon sa pamamaraan ng distrito sa pagsunod sa regulasyon ng estado.

MGA PAGTATATWA

Ang dokumentong ito ay gumagamit ng mga salita at kahulugan ng mga salita na maaaring makasakit sa ilang mga tao. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay kailangang gumamit ng pag-iingat na pagpapasiya sa pagpapahintulot sa mga bata na basahin ang dokumentong ito ng walang pamamahala.

Ang dokumentong ito ay naglalayon na magbigay ng impormasyon tungkol sa asal ng mag-aaral. Ang asal ng mga miyembrong kawani ay pinamamahalaan ng maraming dokumento, kasama ang Mga Patakaran at Pamamaraan ng Lupon ng Paaralan, at maaaring gamitin na sama-samang kasunduang pagtatawaran. Kung mayroon kayong mga pag-alala tungkol sa aksiyon ng isang miyembrong kawani, paki- kontak ang superbisor ng taon iyon.

Mga Pangako ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

Ang Pag-aalis ng puwang ng pagkakataon at pagsisiguro ng edukasyonal na kahusayan para sa isa at bawa't mag-aaral ay ang isyu ng aming panahon.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay kinikilala:

- na mayroong hindi pagkakapantay-pantay sa lahi sa pagsagot sa pagdidisiplina sa loob ng distrito;
- na bawa't sitwasyon na kinapapalooban ng dispilina ay maaaring masalimuot na may pinagbabatayang mga dahilan na nangangailangan na maunawaan ng kawani ang dahilan ng mga inasal ng mag-aaral;
- na ang nagpapagaan at nagpapalubhang mga dahilan ay dapat makaimpluwensiya sa proseso ng paggawa ng desisyon sa pagdidisiplina; at
- na may matinding epekto kapag gumagamit ng pagpipili na mga kaugalian.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako na:

- kikilalanin, iingat at magtatatag ng positibong relasyon sa mga mag-aaral;
- susuportahan ang buong kabuuan ng bata;
- itataas ang lahat ng mag-aaral sa mataas na pag-asam at bibigyan ng may uri at epektibong pagtuturo;
- pagtuturo ng pagpapaunlad ng positibong sosyal, emosyonal at kinagawiang mga kasanayan ng mga mag-aaral;
- paggamit ng iba't ibang mga paraan upang hubugin ang asal kapag ang pinsala ang nangyari, sa halip na umasa sa mga piling nakaugalian;
- pagsasagawa ng isang dispiplinaryong sagot na hindi masyadong nakasasagabal sa relasyon ng mag-aaral-paaralan, na nagbabawas din ng pagkawala ng oras ng pagtuturo;
- pakikipartner sa mga pamilya, ibang kawani at mga samahalia sa pamayanan sakaling magkaroon ng pangdisiplinang aksiyon; at
- pagsusuri ng kanilang sariling ganap na batayan, habang nagtatrabaho mula sa isang may pagsang-ayon sa kultura, may kaalaman sa trauma (isang pamamaraan na nagpapapunlad ng kabatiran at pigging maaaring makadama sa matinding epekto ng trauma sa asal ng mag-aaral) na mga mata na gumagamit ng mga pasalitang kasanayan na nagpapagaan sa pagsisikap na makagawa ng mga kalagayan sa aming mga paaralan na magpapahintulot sa mga mag-aaral na maging matagumpay.

Asal ng Mag-aaral

Panununog (Arson)

Sinadyang gumawa ng sunog o magdulot ng pagsabog.

Pagsalakay (Assault) (*Paki tingnan ang Pisikal na Pananalakay kapag tinitiyak ang kabigatan ng kasalanan*). *Ang pagiging pisikal na marahas, gumagamit ng wala sa katwiran na dahas, o nagpapakita ng kusa at mabilis na pagtatangka na magiging marahas sa ibang tao, kasama ang karahasan sa pamilya.*

(Pisikal) Pagsalakay (Aggression)

Isang aksiyong pisikal na sumisira sa kapaligran ng paaralan sa isang hindi ligtas na paraan at/ o hindi sadyang nakasskit ng ibang tao.

Tama para sa sinumang mag-aaral sa mga pangyayari na kapag ang emosyonal na alituntunin o kahustuhan ng isip ay kulang pa upang maunawaan ang kahahantugan ng asal.

Pang-aapi, Pananakot, at Panliligalig⁸ (Bullying, Intimidation, or Harassment)

Pagsali sa sinadya, mapilit, o kumakalat na pasulat, pasalita, elektroniko o pisikal na pang-aapi, pananakot o panliligalig na asal na kinabibilangan, pero hindi limitado sa anuman sa mga sumusunod:

- *na ang layunin ay panghihiya o paninira ng ibang tao;*
- *pisikal na saktan ang isang tao o sirain ang ari-arian ng tao;*
- *na ito ay malubha, palagi o kumakalat at ito'y nagdulot ng pananakot o nagbabanta sa kapaligirang edukasyon;*
- *may epekto sa pagkakaroon ng malaking abala sa edukasyon ng mag-aaral o karapatan ng may edad na magturo o ayusin ang pag-uugali ng mag-aaral; o*
- *may epekto sa pagkakaroon ng malaking kaabalahan sa pagpapatakbo ng paaralan.*

(Tingnan din ang Malisyosong Panggugulo) Ang Distrito ay tutugunin ang mga pananalita ng mag-aaral sa labas ng paaralan na nagbubunga o maaaring magbunga ng malaking abala sa kampus o nakakasagabal sa karapatan ng mga mag-aaral na maging ligtas at matamo ang kanilang edukasyon. Ang malaking kaabalahan ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, malaking paghadlang sa instruksiyon, sa pagpapatakbo ng paaralan o mga aktibidad ng paaralan, marahas na pisikal o pagtatalo sa pagitan ng mga mag-aaral, o isang masamang kapaligiran na makahulugang makakaabala sa edukasyon ng mag-aaral. Ang asal na maaaring tumaas na kapantay ng panliligalig, pananakot, o pang-aapi ay maaaring may iba't ibang porma, kabilang pero hindi limitado sa:

- *Pagsasagawa ng elektronikong pang-aapi, pananakot, at panliligalig, kabilang pero hindi limitado sa cyberbullying, sa kapaligiran ng paaralan, sa oras na may aktibidad sa paaralan sa mga bus ng paaralan, o sa oras ng klase.*
- *Pagpapaumpisa sa mga mag-aaral sa isang paaralan, grupo, antas ng grado, o tanggapan, sa pamamagitan ng pang-aapi, pananakot o pamimilit na asal na nagbubunga o maaaring magbunga ng sosyal o emosyonal na pinsala (Tingnan din ang Hazing).*

Walang kinakailangan na ang tao ay mayroon katangian na maging batayan para sa pang-aapi, pananakot, o panliligalig.

8. Tingnan, **Malisyosong Panliligalig** para sa panliligalig at nakatatatok na asal batay sa protektadong uri o estado. *Tingnan din, RCW 28A. 300.285.*

Nakawan ang isang lugar (Bulgary)

Pumasok ng sapilitan o nananatili ng labag sa batas sa isang gusali ng distrito o silid sa gusali na may balak na magnakaw.⁹

Paggamit ng Kompyuter ng Walang Pahintulot, Pakikialam, at Paggamit sa Maling Paraan¹⁰**(Computer, Tampering, and Misuse)**

Sinadya na labagin ang sistema o database ng paaralan o ng Mga Pampublikong Paaralang ng Seattle.

Mga Delikadong Armas¹¹**(Dangerous Weapons)**

Ang pagdadala ng mapanganib na armas sa, o pagkakaroon ng mapanganib na armas, sa ari-arian ng paaralan, transportasyon na ipinagkaloob ng paaralan, mga lugar na ginagamit bilang pag-aari ng paaralang distrito, o sa mga pagdiriwang o aktibidad na inisponsor ng paaralan.

Hindi Pagsunod (Hindi isang maihihiwalay na aksiyon para sa mag-aaral na K-5)**Disobedience (Not an exclusionary action for K-5 students)**

Lantaran, kusa, o pauli-ulit na hinid pagtupad o pagsunod sa mga itinuturo ng guro o ibang kawani ng paaralan.

Nakakagulong Asal (Hindi isang maihihiwalay na aksiyon para sa mga mag-aaral na K-5)**Disruptive Conduct (Not an exclusionary action for K-5 students)**

Lantaran at sobrang nakakagulo sa pagtuturo o pag-aaral sa silid-aralan, mga aktibidad ng paarala, o mga karagdagang mga aktibidad.

Pamamahagi ng mga Inuming may Alkohol**(Distributing Alcoholic Beverages)**

Pamamahagi, pagbabahagi, o pagpapasa ng mga inuming may alkohol, kabilang ang inuming may nilalamang alkohol.

Pamamahagi ng Ilegal na mga Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Reseta o mga Gamot na Mabibili ng Walang Reseta (Distributing Illegal Drugs, Controlled Substances, Prescription or Over-the-Counter Drugs)

Pamamahagi, pagbabahagi, o pagpapasa ng mga ilegal na gamot o kontroladong sangkap. Kasama pero hindi limitado sa, reseta o mga gamot na mabibili ng walang reseta, anumang bagay na pagkain na may ilegal na gamot duon, at elektronikong gamit na pausok o mga produkto na may naglalaman ng kontroladong sangkap.

Pamamahagi ng Marihuana (Distributing Marijuana)

Pamamahagi, pagbabahagi o pagpapasa ng marihuana, kasama pero hindi limitado sa, medikal, tanim sa bahay, marihuana na binili sa kalye o tindahan, pinatuyong marihuana, anumang bagay na pagkain na may marihuana duon, at elektronikong gamit na pausok o mga produkto na naglalaman ng anumang sangkap ng marihuana.

Pangingikil, Pangunguwalta, Pamimilit (Extortion, Blackmail, Coercion)

Pangingikil ng pera, ari-arian o ibang konsiderasyon sa pamamagitan ng karahasan o pagbabanta ng karahasan, o pilitin ang iba na gumawa ng labag sa kanilang kalooban sa pamamagitan ng pagpilit o pagbabanta ng karahasan.

Maling Alarman (False alarm)

Paandarin ang alarma sa sunog o pagtawag ng 911 na naiiba sa dapat na gamit ng alarma.

⁹ *Tingnan, Pagpasok nang Walang Pahintulot* para sa labag sa batas na pagpasok sa ari-arian ng distrito o sa mga gusali ng Distrito.

¹⁰ *Tingnan, Nakasisirang Asal* para sa gawa sa kompyuter na hindi intensyonal o subali't hindi naman tumataas sa antas ng walang Pahintulot sa Kompyuter.

¹¹ *Tingnan, Laruang Baril at Laruang Armas* para sa mga laruan na mukhang hindi armas.

Maling Pagbabalita (False Reporting)

Nalalaman ang pag-uulat at (malisyosong) maling pag-uulat o maling pagpapatunay ng maling asal na hindi naman nangyari, kabilang na ang pagkakatatagan ng malaswang tsismis sa paaralan, sa kapaligiran ng paaralan, sa ipinagkaloob na transportasyon, o sa gawaing inisponsor ng paaralan.

Maling Babala (False Threats)

Maling pagsusumbong ng anumang uri ng bomba o taong may armas sa alinmang bahagi o gusali ng paaralan, sa kapaligiran ng paaralan, o mga ipinagkaloob na transportasyon ng paaralan, o anumang gawain na inisponsor ng paaralan.

Pakikipag-away (Fighting)

Pagsali sa o magpasimula ng pisikal na pag-aaway na kinapalaloban ng galit o poot, kasama ang sinadyang pag-aayos ng isang away o pagsali ng maluwag sa kalooban sa inayos na away na iyon ay lumilikha ng malaking panganib na malalang pisikal na pinsala sa mga kalahok.

Armas¹² (Firearms)

Ang pagdadala ng armas sa ari-arian ng paaralan, transportasyon na ipinagkaloob ng paaralan, mga lugar ng pasilidad na ginagamit bilang pag-aari ng paaralang distrito, o sa isang kasayahan o gawain na inisponsor ng paaralan.

Mga Paputok, mga Pampasabog, Kemikal, at Mga Gamit na Nakakasunog (Fireworks, Explosives, Chemicals, and Incendiary Devices)

Ang pagdadala ng mga kwitis, o ng paputok, kemikal, o gamit na nakakasunog sa pag-aari ng paaralan, transportasyon na ipinagkaloob ng paaralan, mga lugar na ginagamit bilang pag-aari ng paaralang distrito, o mga pagdiriwang o gawain na inisponsor ng paaralan.

Pagsusugal (Gambling)

Paglalaro ng baraha, beto-beto, o larong sapalaran na may pustang kuwarta o ibang bagay na may halaga.

Gang/Poot na Gawain ng Grupo¹³ (Gang/Hate Group Activity)

Pagsali sa alinmang itinatang na gang, grupong may poot sa ibang tao, o ibang katulad na organisasyon at kusang sumasali sa gawain na gang/ grupong may poot sa kapaligiran ng paaralan o sa mga aktibidad ng paaralan o pagtitipon.

Graffiti (Mensahe sa mga pader na nakasulat sa mga Pampublikong Lugar)¹⁴

Pagsusulat, pagpipinta, pagguhit, gasgasan, o iba pa na pagmamarka na inukit, pigura, o anumang uri ng marka sa alinmang pag-aari ng Distrito, maliban kung ang mag-aaral ay nakakuha ng pahintulot sa isang opisyal na paaralan o kawani.

Hazing¹⁵

Pagpapasimula, o pangggugulo sa ibang mag-aaral sa pamamagitan na nakahihiyang mga Gawain o hindi ligtas o hindi legal na mga pag-uugali na naging dahilan o malamang na maging dahilan ng pisikal na pinsala¹⁶ o panganib. (Tingnan din Pang-aapi, Pananakot, at Panliligalig.)

¹² Ang sapilitang isang taon na pagpapatawad ay ipatutupad ng naaalinsunod sa Batas ng mga Indibidwal na may Kapansanan...” 20 U.S.C. §715(c)

¹³ Ang Departamento ng Kaligtasan at Seguridad ay kailangang balitaan para sa paglabag ng kasalanang ito. Kung angkop, ang Pulisya ng Seattle ay kailangang balitaan.

¹⁴ Tingnan, **Pagsira ng Ari-arian** para sa graffiti na nagkakahalaga ng higit sa \$100 pinsala.

¹⁵ Tingnan, **Pang-aapi, Pananakot, at Panliligalig** para sa di masyadong grabeng asal.

¹⁶ Tingnan, **Pagsalakay** para sa asal na hazing na gumagamit ng pisikal na pagsalakay.

Hindi Angkop na Salita (dating Pasalitang Pagsalakay)¹⁷ (Inappropriate Language)

Paggamit ng mga salita na nakasasakit, nakakapinsala, nakakababa, nakagagalit, o nakakahiya, kasama sa mga ang mga salitang bastos o bulgar, at pagtawag ng pangalan na hindi nararapat.

Hindi Tamang Sekswal na Pag-uugali (Inappropriate Sexual Conduct)

Pagsali sa hindi nararapat na malisayng pag-uugali na hindi nakakatulong sa kapaligiran ng pag-aara sa isang paaralan. (Tingnan din ang Hindi Tamang Paghipo; Malaswang Asal; Sekswal na Pagsalakay; Sekswal na Panliligalig.)

Hindi Tamang Paghawak sa isang Bahagi ng Katawan (Pangkalahatan para sa mga mag-aaral ng elementarya)¹⁸ (Inappropriate Touching)

Hindi gusto o hindi tamang paghawak sa pribadong parte ng katawan ng ibang tao na nagiging sanhi ng hindi komportable ng tao sa inasal.

Panghihimasok sa mga Kawani ng Paaralan (Interference with School Authorities)

Ang panghihimasok sa pagpapatupad sa mga opisyal na tungkulin ng kawani ng distrito sa:

- *Paggamit ng lakas o karahasan na hindi sinasadya o hindi para sa kawani, gaya ng pagtangka na ipagpatuloy ang away kung pinipigilan ng kawani ang pag-aaaway at hindi sinasadya na tamaan ang taong iyon;*
- *Hindi pagsunod sa ipinag-uutos ng opisyal ng paaralan na umalis sa paaralan o maghiwa-hiwalay; o*
- *Kantiyawan o takutin ang mga awtoridad ng paaralan na nagpapatupad sa batas, gawain, pamamaraan, palakad ng paaralang distrito na kung saan it ay nakakasagabal sa kakayahan na mapanatili ang kaayusan o maisagawa ang kanilang tungkulin sa batas. Kabilang dito, nguni't hindi limitado sa:
 - *Patuloy¹⁹ na paggamit na mapang-abuso o napakasamang salita direkta sa isang kawani ng paaralang Distrito;*
 - *Paggamit ng anumang elektronikong pamaraan (mga kamera, kamera ng cellphone, bidyo o iba pang nagrerekord na mga gamit na magiging dahilan ng pagkapahiya, kasiraang puri o masira ang dignidad;*
 - *Hadlangan ang imbestigasyon ng kawani ng paaralan sa isang insidente, kasama pero hindi limitado sa anuman sa mga sumusunod: pagtangi sa isang makatwirang pagkapkap o sumagot sa makatwirang mga tanong, o sadya na magsinungaling, o hikayatin ang iba na sadyang magsinungaling tungkol sa, katotohanan ng insidente.**

Nananakot sa mga Kawani ng Paaralan (intimidation of School Authorities)

Hadlangan, o tangkain na hadlangan, ang pagtupad ng mga opisyal na tungkulin ng kawani ng distrito katulad ng direktang paggamit, sinadya, o nagpakita ng pananakot, lakas, o karahasan, na kung saan ang kawani ay naniniwala na ang kaniyang kaligtasan o pagiging ligtas ng kaniyang ar-arian ay nasa panganib.

Malaswang Pag-uugali²⁰ (Lewd Conduct)

Paggawa ng hindi nararapat na sekswal o sosyal na kilos, tulad ng sekswal na aksiyon, alinman sa mag-isa o kasang-ayon ng ibang tao, kasama, nguni't hindi limitado sa pakikipagtalik, sex sa bibig, paghawak sa maseselang

¹⁷ *Tingnan, Pagbabanta para sa Panggugulo* na kapani-paniwala, nakapokus na pagbabanta sa panggugulo.

¹⁸ *Tingnan, Sekswal na Pagsalakay* para sa mas grabeng pag-uugali o hindi tamang kilos na paghawak para sa may edad.

¹⁹ *Tingnan, Hindi Angkop na Wika* para sa hindi madalas na gamit.

²⁰ *Tingnan, Sekswal na Pagsalakay*, para sa asal na gumagamit ng puwersa o pisikal na pinsala. *Tingnan din, D-320 Sekswal na Maling Asal* para sa hindi angkop na sekswal na mga asal.

bahagi ng katawan, malaswang pagpapakita, o paninilip. (Tingnan din ang Hindi Tamang Sekswal na Pag-uugali; Hindi Tamang paghawak; Sekswal na Paghawak; Sekswal na Pananalakay; Sekswal na Panliligalig.)

Malisyosong Pangliligalig²¹ (Malicious Harassment)

Malisyoso at sinadyang gawin ang isa sa mga sumusunod na gawain dahilan sa pagkaunawa sa taong iyon ng kanyang lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bayang pinanggalingan, kasarian, kasariang sekswal, sekswal na pananalita, sekswal na pagkilala, o kapansanan sa pag-iisip, pisikal o pandama:

- *Pisikal na nakakasakit sa biktima o ibang tao;*
- *Pisikal na nakakasira o pagsira ng ari-arian ng biktima o ng ibang tao*
- *Pananakot sa isang tao o grupo kung saan ang mga tao, o miyembro ng bawat grupo, ay may katwirang matakot sila o kanilang ari-arian, kabilang ang kanilang karapatan sa isang edukasyon o kanilang kaligtasan sa paaralan.*

Ang Distrito ay tutugon sa talumpati ng mag-aaral na nasa labas ng kampus na nagiging dahilan o nagbabanta na magkaroon ng malaking kaguluhan sa kampus o paghadlang sa karapatan ng mga mag-aaral na maging ligtas at makuha ang kanilang edukasyon. Ang malaking kaguluhan ay kinabibilangan ng pero limitado sa, makahulugang paghadlang sa instruksiyon, pamamalakad ng paaralan o mga aktibidad ng paaralan, marahas na pisikal o salitaang pagtatalo sa pagitan ng mag-aaral, o isang masamang kapaligiran na malubhang nakakasagabal sa edukasyon ng mag-aaral.

Ang paglabag sa kasong ito ay maaaring matulad sa kahulugan ng estado para sa Malaswang Panliligalig.

Ang Malaswang Panliligalig ay maari o maaaring hindi personal, nguni't nangyayari dahilan sa ang biktima ay kasapi ng isa sa grupo na tinutukoy sa itaas na pangyayari. Tingnan, RCW 9A.36.080. (Tingnan din Pang-aapi, Pananakot at Panliligalig.)

Malisyosong Kapilyuhan na Pagsira ng Ari-arian (dating Malisyosong Panliligalig) (Malicious Property Damage)

Sinadya sirain ang anumang ari-arian ng paaralan, kawani, o ari-arian ng mag-aaral; o ng bus ng paaralan. Pati na, ang pagsusulat, pagpipinta, pagguhit, o kaya pagsulat na grafiti sa anumang ari-arian ng paaralan o bus ng paaralan na grabe ang halaga ng pagtatanggal nito ay lalagpas ng \$100.²²

Pagsisinungaling (Misrepresentation)

- *Panghuhuwad ng mga lagda ng magulang, tagapag-alaga, o ng ibang tao sa anumang sulat para sa paaralan, sa anumang dokumento ng paaralan o pormularyo o sa anumang ibang dokumento o pormularyo ng paaralan.*
- *Pagpapalit ng mga grado o mga rekord ng pagpasok sa mga opisyal na pormularyo ng Distrito, kasama ang tala sa pagpasok na nakasulat at mga aklat ng grado, para sa sinumang mag-aaral na walang autorisasyon ng opisyal ng paaralan.*
- *Pagbibigay ng maling pangalan kapag tinanong kung sino siya ng may katungkulan sa paaralan.*
- *Pagbibigay na hindi tamang impormasyon sa kawani ng paaralan, o magpanggap para sa ibang tao ng pasalita o sa sulat upang magbigay ng mali o nakalilitong impormasyon, tungkol sa pagpasok ng isang mag-aaral o pagliban sa paaralan, kasama pero hindi limitado sa, maling pagpatawad ng mga pagliban o pagpapahintulot sa isang mag-aaral na makalabas ng maaga mula sa klase o paaralan.*

Maling Paggamit ng Kompyuter²³ (Misuse of Computer)

Maling paggamit o pagsira ng mga kompyuter ng paaralan.

²¹ Tingnan, Pang-aapi, Pananakot, at Pangliligalig kapag ang pangliligalig ay hindi batay sa estado o personal na katangian.

²² Tingnan, Patakaran ng Lupon ng Paaralan # D83.00 Multa, Pagbabayad-Pinsala at Deposito sa Pinsala para sa apela tungkol sa mga kabayaran at pag-aayos ng multa.

²³ Tingnan, Paggamit ng Kompyuter ng Walang Pahintulot para sa maling -asal na kaugnay sa kompyuter

Iba pang di-Pangkaraniwang Maling Pag-uugali (Other Exceptional Misconduct)

Pagsali sa anumang aktibidad na maaaring magbunga ng isang mabigat na krimen, malaswang hindi mabigat na kasalanan, o maliit na kasalanan sa ilalim ng batas ng lungsod, estado o pederal.

Tama para sa sinumang mag-aaral na nasa kalagayan na kapag ang emosyonal na regulasyon o kahustuhan ng isip ay kulang upang maintindihan ang maaaring mangyari sa ginawang kaasalan.

Pamamalahiyo (Plagiarism)

Pandaraya, pagkopya ng gawa ng ibang tao o pagbibigay ng papel ng ibang tao, proyekto, mga programa sa kompyuter, at iba pa, na para sa sarili.

Pagkakaroon ng Nakaw na Gamit (Possession of Stolen Property)

Pagtanggap kahit alam na nakaw, pagpapanatili, pag-aari, pagtatago, o pagtatapon ng anumang ari-arian na ninakaw.

Pagtataglay o Paggamit ng Inuming may Alkohol (Possessing or Using Alcoholic Beverages)

Pagkakaroon, paggamit, o nasa ilalim ng impluwensiya ng alkohol, kabilang ang anumang inuming may nilalamang alkohol.

Pagkakaroon o Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Gamot na may Reseta o mga Gamot na Mabibili ng Walang Reseta (Possessing or Using Illegal Drugs, controlled Substances, Prescription or Over-the-Counter Drugs)

Pagkakaroon, paggamit, o nasa ilalim ng impluwensiya ng ilegal na mga gamot o kontroladong mga sangkap, o anumang bagay na pagkain na may kasama na bawal na gamot at/o pagkakaroon ng mga kagamitan sa droga, kabilang pero hindi limitado sa elektronikong gamit sa pausok na naglalaman ng kontroladong sangkap, pipa at gawang-kamay na kagamitan.

Pagkakaroon o Paggamit ng Marihuana (Possessing or Using Marijuana)

Ang pagmamay-ari, paggamit, o pagiging nasa ilalim ng impluwensiya ng marihuana, kahit panggamot, itinanim sa bahay, biniling marihuana sa kalsada o tindahan, pinatuyong marihuana, o anumang pagkain na may marihuana doon at/o nagtataglay ng kagamitan sa droga, kasama, subali't hindi limitado sa, elektronikong gamit na pampausok at mga produkto na naglalaman ng sangkap ng marihuana, pipa at mga gawang kamay na kagamitan.

Panloloob (Robbery)

Pagkuha ng ari-arian ng iba sa pamamagitan ng pamimilit o pananakot.

Paglabag sa Tuntunin (Hindi isang maihihiwalay na aksiyon para sa mga mag-aaral sa K-5)**Rule-Breaking (Not an exclusionary action for K-5 students)**

Nilalabag ang tiyak, nakalathang tuntunin ng paaralan. Kabilang na dito ang paglabag sa mga alintuntunin sa bus ng paaralan, at paglabag sa partikular na kontrata sa kaligtasan at sa asal.

Pagbebenta ng Inuming may Alkohol (Selling Alcoholic Beverages)

Pagbebenta, o pagbabalak ng pagbebenta ng inuming may alkohol, kabilang na ang anumang inumin na may halong alkohol.

Pagbebenta ng Ilegal na mga Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Gamot na may Reseta o mga Gamot na Mabibili ng Walang Reseta (Selling Illegal Drugs, controlled Substances, Prescription or Over-the-counter Drugs)

Pagbebenta, o nagbabalak magbenta, ng mga droga o kontroladong mga sangkap, kasama, pero hindi limitado sa, may reseta o gamot na nabibili ng walang reseta para sa paglilibang na layunin, anumang bagay na pagkain na may bawal na gamot doon, at elektronikong gamit na pausok na naglalaman ng kontroladong sangkap.

Pagbebenta ng Marihuana (Selling Marijuana)

Pagbebenta o nagbabalak magbenta ng anumang uri ng marihuana, kasama pero hindi limitado sa, medikal, tanim sa bahay, marihuana na binili sa kalye o tindahan, pinatuyong marihuana, anumang bagay na pagkain na may marihuana at elektronikong gamit na pausok na mayroong anumang sangkap na marihuana.

Sekswal na Pagsalakay (Sexual Assault)

Sekswal na pagsalakay o malayang paggawa ng mahalay sa ibang tao. (Tingnan din, hindi tamang Sekswal na Asal, Hindi Tamang paghawak, Malaswang Asal; Sekswal na Panliligalig.)

Sekswal na Panliligalig²⁴**(Sexual Harassment)**

Paglilagay sa ibang indibidwal sa isang hindi matatanggap na asal na may bahid sekswal. Ang asal ay maaaring kabilang, subali't hindi limitado sa sadyang panliligalig ng ibang tao para sa dahilang sekswal o sa isang sekswal na gawi na may hindi matanggap na atensiyon, paghipo, o mga punang pasalita kaya't ang tinarang na tao ay nabalisa, natakot, o nabantaan ng asal (Tingnan din, Hindi Tamang Sekswal na Asal; Hindi Tamang Paghipo; Malaswang Asal; Sekswal na Pagsalakay.)

Mga Maliliit na Natitiklop na Kutsilyo²⁵**(Small folding Knives)**

Ang pagdadala o pagkakaroon ng maliit na natitiklop na kutsilyo na ang haba ng talim ay 2 ½ pulgada o maliit pa at may talim na ang lapad ay ½ pulgada o maliit pa sa loob ng pag-aari ng paaralan, transportasyon na ipinagkaloob ng paaralan, mga lugar na ginagamit bilang pag-aari ng paaralang distrito, o sa mga pagdiriwang o aktibidad na inisponsor ng paaralan.

Pagnanakaw (Theft)

Pagnanakaw sa mga pag-aari ng paaralang Distrito o pag-aari ng isang miyembro ng kawani, mag-aaral o bisita ng paaralan.

Pananakot sa Pamamagitan ng Karahasan (Threats of Violence)

Pagsasabi ng kapanipaniwala, nakatuong banta ng karahasan o makasakit sa isang tao o grupo, direkta o hindi, sa anumang paraan na maging dahilan upang ang ibang tao ay maniwala na ang kanyang buhay, kaligtasan, o ari-arian ay nasa panganib, o naging dahilan sa isang nakikinig na maniwala na ang buhay ng ibang tao, kaligtasan, o ari-arian ay nasa panganib. Hindi kinakailangan na ang nasabing banta ay direktang ipaalam sa bibiktimahin.

Ang mag-aaral ay maaaring mapatalsik sa unang pagkakasala ng hindi isinasaalang-alang ang patuloy na paggawa ng disiplina kung mayroong magandang dahilan na ang ibang paraan ng pagbabago o parusa ay hindi magtatagumpay kung gagawin.

Magandang dahilan na paniwalaan na ang ibang paraan ng pagbabago o parusa ay hindi magtatagumpay kung ibibigay ay kinabibilangan ng:

- *Ang pananakot na patayin ang isang mag-aaral o kawani. Ang mga kawani ay may karapatan sa isang ligtas at hindi nakakatakot na kapaligiran. Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay walang pagpapaubaya sa mga pagbabanta ng karahasan o pinsala sa iba. Bago ang pagpapatalsik ay magamit dahil sa pananakot ng karahasang pananakit kailangang humiling ng serbisyo sa Pangkat ng Tagatasa ng Pananakot ng Paaralan (STAT) para malaman kung ang pananakot ay lantaran o kapanipaniwala na makakasakit. Ang STAT ay magbibigay ng mga rekomendasyon na hihimok sa mga tagapamahala na sundin.²⁶*

²⁴ Tingnan, **Malisyosong Pangliligalig** para sa konsiderasyon.

²⁵ Tingnan, Patakaran ng Lupon No.3208- Sekswal na Pasalakay, at Patakaran ng Superintendente 3208SP.

²⁶ Tingnan, Apendiks A para sa buong kahulugan ng STAT.

**Mga Laruang Baril at mga Laruang Armas
(Toys Used As Weapons)**

Pagkakaroon ng laruang baril²⁷ at paggamit ng may malisya (nananakot) ng mga bagay na nagpapakita na maaaring makasakit sa katawan na kung saan ang ibang tao ay naniniwala na ang kaniyang kaligtasan ay nasa panganib, kasama na ang mga laruan na katulad ng baril gaano man kalaki ito.

**Pumasok ng Walang Pahintulot
(Trespass)**

Ang pagpasok o pananatili sa gusali ng paaralan o anumang bahagi ng kapaligiran o ar-arian ng paaralan na labag sa batas para sa anumang layunin maliban sa pagnanakaw ng ari-arian.²⁸

**Paggamit o Pagkakaroon ng Mga Produktong Tabako²⁹
(Usin or Possessing Tobacco Products)**

Paggamit o pagkakaroon ng anumang produktong tabako sa o nasa lugar ng pag-aari ng paaralan, sa mga bus ng paaralan, o sa inisponsor na aktibidad ng paaralan.

²⁷ Ang mga baril na BB at ibang pellet na baril ay Mpanganib na Armas, *Tingnan*, E-320 para sa paglabag sa mga armas na ito.

²⁸ *Tingnan*, **Nakawan** para sa pagpasok ng walang pahintulot na kaugnay sa nakawan ng ari-arian.

²⁹ *Tingnan*, Patakaran ng Lupon ng Paaralan No. 4215 at Pamamaraan ng SuperintendenteNo. 4215SP.

Kasabwat sa Gawain

Ang isang mag-aaral ay maaaring managot sa asal ng ibang tao kung ang mag-aaral ay kasabwat ng taong iyon sa paggawa ng isang kasalanan na nangangailangan ng aksiyong pangdisiplina. Ang isang mag-aaral ay kasabwat ng ibang tao kung sa alam niya ito ay magiging o magbubunga ng pangangailangan para aksiyong pangdisiplina, ang mag-aaral ay (1) nanghihingi, nag-uutos, nanghihikayat, o nakikiusap sa taong iyon na sumali sa kasalanan o (2) tumulong o pumayag na tulongan ang ibang taong iyon sa pagpapalano o sa paggawa ng kasalanan. Ang mga-aaral ay maaaring mahikayat ang asal ng iba sa pamamagitan ng pasalita o hindi pasalitang mga kilos.³⁰

Ang mag-aaral ay hindi kasabwat kung siya ang biktima ng kasalanan, o tinapos na niya ang kanilang sabwatan bago magawa ang kasalanan at nagbigay ng tamang babala sa mga opisyal ng paaralan na maaaring may masamang mangyari.³¹

Kung ang mag-aaral ay sumali sa sabwatan, ang kasabwat ay maaaring maakusahan kapareho ng kasalanan ng pasimuno na may nakatala na ang mag-aaral ay nakagawa ng kasalanan bilang kasabwat.

Asal sa Labas ng Kampus

Ang pagdidisiplina ay maaaring ibigay para sa maling gawain sa labas ng kampus kung ang disiplina ay makatarungan sa ilalim na mga pagkakataon at may malapit na kaugnayan sa proseso ng pag-aaral. Ang mga sumusunod na panuntunan ay dapat gamitin kung ang maling pag-uugali ay sapat ang kaugnayan sa proseso ng edukasyon ng mag-aaral:

1. Lugar ng maling gawain (malapit sa paaralan o aktibidad sa paaralan);
2. Oras at petsa ng maling pag-uugali (sa oras ng pasok, nguni't sa labas ng kampus; kaagad bago o pagkatapos ng klase; sa transportasyon na inisponsor ng distrito, direkta bago pumasok pagkatapos umalis sa transportasyong inisponsor ng distrito, sa panahon ng mga aktibidad na inisponsor ng paaralan);
3. Ang epekto sa ibang kasali o biktima ng maling pag-uugali (ang maling gawain ba ay kinasasangkutan o nakaapekto sa ibang mag-aaral o kawani ng paaralang distrito);
4. Kalubhaan ng maling pag-uugali at ang malapit na kaugnayan sa kaligtasan ng mag-aaral o kawani ng paaralang distrito (hal. pakikipag-away, o iba pang mga marahas o nakasisirang mga gawa, pagbebenta ng isang kontroladong sangkap, o pagkakaroon ng isang armas); at
5. Lawak ng kung paano ang gawain sa labas ng kampus ay nakakaapekto sa kapaligiran ng paaralan (hal. natatakot ang mga mag-aaral na pumasok sa paaralan o natatakot sa paaralan sa dahilang ito; ito ay nakakagulo sa kapaligiran ng paaralan na ang espesyal na pag-iingat at pagkilos ay dapat gawin para mapangalagaan ang mga mag-aaral at kawani; ang pag-aayos ng gawain ay ginawa sa kampus nguni't ginawa sa labas ng kampus, katulad ng pagbebenta ng gamot, pag-aaway o pagsalakay, atbp.; o may maaaring epekto tulad ng ang mga mag-aaral mula sa ibang paaralan o hindi mag-aaral na pumunta sa kampus para makaganti.)

Ang Distrito ay tutugon sa talumpati ng mag-aaral na nasa labas ng kampus na nagiging dahilan o nagbabanta na magkaroon ng malaking kaguluhan sa kampus o paghadlang sa karapatan ng mga mag-aaral

³⁰ Ang mga mag-aaral ay maaaring maging isang kasabwat lamang kapag naroon siya habang may maling ginagawa ang ibang mag-aaral kung hindi nila sinubukang pigilang ang gumagawa ng masama sa pagpapatuloy na maling ginagawa o kung ang kanilang pamamalagi ay nangangahulugan ng tahimik na unawaan sa aksiyon o mahalagang nakapagbigay tulong sa pananakot sa biktima. Halimbawa, ang mga taong grupo na nakapaligid sa biktima samantalang may isang mag-aaral na nang-aapi o nagbabanta sa biktima, kahit na walang silang sinasabing anuman o sa halip pisikal na sumasali o nagsalita sa pang-aapi o akmang nananakot, ay maaaring sabihin kasabwat sapagka't naroon ka at walang sinasabi na nangangahulugan sa biktima na sumasali ka at sumasang-ayon sa pang-aapi ng nagbabantang asal.

³¹ Ang mga mag-aaral ay hindi kasabwat kung alam lamang nila ang planong aksiyon ng ibang mag-aaral kahit nila hindi inireport ang kanilang nalalaman sa isang administrador.

na maging ligtas at makuha ang kanilang edukasyon. Ang malaking kaguluhan ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, makahulugang paghadlang sa instruksiyon, pamamalakad ng paaralan o mga aktibidad ng paaralan, marahas na pisikal o salitaang pagtatalo sa pagitan ng mga mag-aaral, o isang masamang kapaligiran na malubhang nakakasagabal sa edukasyon ng mag-aaral.

PAMANTAYAN SA AKSIYONG PAGDISIPLINA

Ang pamantayan sa aksiyong pangdisiplina para sa Asal ng Mag-aaral ay nakalakip sa Patakaran ng Lupon ng Paaralan 3240 tungkol sa paggamit ng progresibong disiplina.

Kinakailangan sa Pagbibigay ng mga Serbisyo na Edukasyonal

Ang paaralang distrito ay hindi maaaring suspendihin ang tadhana ng mga serbisyo pang edukasyon sa isang mag-aaral bilang isang aksiyong pangdisiplina.

Bagama't ang mga mag-aaral ay maaring huwag papasukin sa silid-aralan at sa ibang edukasyonal o aktibidad na bagay sa panahon ng suspensyon o pagpapatalsik, ang distrito ay kailangang magbigay sa mga mag-aaral ng oportunidad na makatanggap ng edukasyonal na serbisyo sa panahong iyon.

Kung ibinigay ang mga serbisyong edukasyonal sa isang piniling kapaligiran, ang pinili na kapaligiran ay kailangang maaaring ikumpara, kapareho, at tumpak sa regular na serbisyong edukasyonna maaaring makuha ng isang mag-aaral na wala ang disiplinang hindi pagtanggap.

Pulong sa Pakikipag-ugnayan Muli ng Mag-aaral, Planong Pakikipag-ugnayan Muli at Programa sa Pagpasok na Muli

Para sa mga mag-aaral na suspendido ng matagal o napatalsik, ang layunin ng pulong ng pakikipag-ugnayan muli ay upang makabuo ng isang plano upang ibilang muli ang mag-aaral sa isang programa ng paaralan na sukat sa indibidwal na kalagayan ng mag-aaral (RCW 28A 600.022). Ang layunin ng proseso na pakikipag-ugnayan muli ay upang suportahan ang kakayahan ng mag-aaral na magtagumpay sa paaralan sa pagbabalik nila sa paaralan kasunod sa panahon ng disiplinang hindi pagtanggap.

Ang pulong ng pakikipag-ugnayan muli ay kailangang magawa sa loob ng **tatlong araw** mula nang ang Abiso sa Aksiyong Pandisiplina (NDA) ay ginawa at ang pagpapatalastas ay naibigay sa mga magulang.

Ang mga kasali sa pagpupulong ng pakikipag-ugnayan muli ay kailangang magbigay halaga sa:

1. Mga pangyayari na kaugnay sa suspensyon o pagpapatalsik sa mag-aaral,
2. Ang nakaraang tala ng akademiko at disiplina ng mag-aaral, at
3. Ang kalubhaan ng insidente ng disiplina na nagbunga ng pagkapaalis ng mag-aaral.

Ang layunin ng plano sa pakikipag-ugnayan muli ay upang:

- Hayaan ang pamilya na magbigay na makahulugang masasabi at magkaroon ng oportunidad na makasali sa isang may sensitibong kultura at tumutugong kultura na plano ng pakikipag-ugnayan muli.

- Pag-usapan ang mga serbisyo na mayroon para sa mag-aaral samantalang hindi pinapapasok;
 - **Ang mga Serbisyon Edukasyonal ay kailangang maialok.**
 - **Ang mga Serbisyon Edukasyonal ay kailangang pag-usapan.**
- *Ipaliwanag kung ano ang kinakailangang gawin ng mag-aaral bago bumalik sa paaralan.*
- *Kilalanin ang mga suporta na ilalagay sa araw na bumalik ang mag-aaral sa paaralan.*

Habang bumubuo ng plano ng pakikipag-ugnayan muli. Ang paaralang distrito ay kailangang isaalang-alang ang:

1. Pagpapalit ng haba ng araw nang pagkasuspendido o pagkapatalsik ng mag-aaral;
2. Magsuri kung mayroon o wala nang ibang porma ng aksiyong pandisiplina na maari pang maging epektibo,
3. Tiyakin kung paano makakatulong ang plano sa mag-aaral habang gumagawa sila ng kailangang mga hakbang upang magamot ang sitwasyon na nagbunga sa suspensyon o pagpapatalsik; at
4. Magplano ng suporta na magbunga ng akademikong tagumpay at pamalagiin ang mag-aaral nakatuon at nasa daan na makapagtapos.

Ang praktis ng distrito sa antas ng sekondarya ay makapagbigay ng libreng paggamit sa instruksiyon ng pagbabagong asal hangga't maaari kapag ito ay kailangan para sa suspensyon o pagpapatalsik, karaniwan ito ay kapag ang pagkasuspendido o pagkapatalsik ay para sa pagkakasala na mayroong karahasan. Ang programang pagpasok muli ay maaaring kasama ang akademikong instruksiyon gayundin ang mga kurso na tumutugon sa pag-asam ng Distrito para sa instruksiyon sa pagbabagong asal.

Mga Mag-aaral na may Kapansanan

Bago maikonsulta sa isang Programang Pagpasok Mulit o Serbisyo sa Pamamahala ng Kaso ng Disiplina, isang pulong ng Pangkat na Nagpapakita ng Determinasyon (MDT) na pulong ang kailangang maganap.

Mga Mag-aaral sa Haiskul

Isang Programa sa Pagpasok Mulit (Reentry Program) ay ibinibigay sa mga mag-aaral ng haiskul para sa 2017-18 na paaralang taon sa pamamagitan ng Interagency Academy. Sa 2017-2018, ang mga mag-aaral sa haiskul na ikinunsulta sa Programa sa Pagpasok Mulit (Re-Entry Program) ay itatalaga sa isa sa maraming Interagency Academy hanggang sa natitira pa sa semestre kung kailan sila nasuspendido o napatalsik. Ang pagtatalagang ito ay maaaring ipagpatuloy hanggang sa susunod na semestre kung mayroong kakailanganin para sa instruksiyon ng pagbabago ng asal at ang instruksiyon na iyon ay hindi natapos ng mahusay sa natitirang araw sa kasalukuyang semestre.

Ang suspendidong mag-aaral sa haiskul na may kailangan pang ikumpleto sa pagbabagong asal ay maaaring bumalik sa paaralang nagsuspendido sa kanila sa katapusan ng semestre na kung saan ay nakumpleto nila ng mahusay ang instruksiyon sa pagbabagong asal. Ang mga mag-aaral na ang kasalanan ay walang kailangan na pagbabagong asal ay maaaring bumalik sa paaralan na nagsuspendido sa kanila sa katapusan ng parehong semestre nang masuspendido sila

Ang mga mag-aaral sa haiskul na napatalsik ay hindi maaaring bumalik sa kanilang nagpatalsik na paaralan sa kabuuan ng kanilang pagkataliksik at itatalagang muli una sa Programang Pagpasok Mulit hanggang sa katapusan ng semestre, at pagkatapos sa ibang tamang regular na paaralan na binabanggit sa Pamamaraan ng Pagpapalista. Kailangan silang payagan na makapagpalista sa Programang Pagpasok Mulit sa loob ng sampung araw (10) ng kanilang pagkataliksik sa paaralan. Ang mga napatalsik na mag-aaral na ang kasalanan ay nangangailangan na makumpleto nila ng husto ang isang kurso ng pagbabagong asal ay itatalaga sa ibang tamang regular na paaralan na nakasaad sa Pamamaraan ng Pagpapalista sa katapusan ng semestre kung natapos nila ng husto ang kailangang pagbabago ng asal.

Mga Mag-aaral sa Paaralang Middle

Ang mga mag-aaral ng paaralang Middle na may karapatan sa pagbabagong asal batay sa kanilang isinangguni na pag-alala sa asal (paki tingnan SPS Discipline Matrix para sa 2017-2018 paaralang taon para sa karapatan), ay maaaring masuspende ng hindi matagal at ang tagapamahala ng paaralan ay maaaring makiusap ng mga serbisyo sa Tagapamahala ng Kaso sa Disiplina sa Pamamagitan ng Tanggapan ng Disiplina.

Habang ang mag-aaral ay suspendido, ang mga serbisyo ng Tagapamahala ng Kaso sa Disiplina ay isasama ang isang malaking pagsusulit sa asal at sosyal na kasanayan sa mag-aaral at sa pamilya; makipanayam sa mga kawani ng paaralan; sumangguni sa mga samahan sa pamayanan kung kailangan; makakuha ng Pagpapalabas ng Impormasyon (ROIs); pakikitugma sa mga nagbibigay na nakabase sa pamayanan; ang pagbuo ng isang planong matagumpay na pagpasok muli sa paaralan batay sa lakas ng mag-aaral at mga naisip na pangangailangan kapag sila ay bumalik; at pag-iskedyul ng isang pulong ng pagpasok muli.

Sa araw na bumalik ang mag-aaral sa paaralan, ang Mga Serbisyo ng Pamamahala ng Kaso sa Disiplina ay isasama ang patuloy na tuwing linggo / o tuwing dalawang linggo na pakikipag-usap sa kawani ng paaralan, mga pamilya, mga tagabigay ng nakabase sa pamayanan, at ng mag-aaral. Kung ang malaking pagsusulit ay nagpapakita ng pangangailangan para sa direktang pagtuturo sa pagbuo ng kasanayan, ang Mga Serbisyo ng Pamamahala ng Kaso sa Disiplina ay maaari ding isama ang may limitadong oras na instruksiyon sa pagbuo ng kasanayan. Ang Mga Serbisyo ng Pamamahala ng Kaso sa Disiplina ay magpapatuloy hanggang magkaroon ng kaayusan.

Mga Mag-aaral sa Elementarya

Ang mga mag-aaral sa elementarya ay hindi maaaring isuspendido ng matagal sa kanilang paaralan. Samakatwid, walang programang pagpasok muli para sa mag-aaral ng elementarya.

Ang mga mag-aaral ng elementarya na napatalsik ay itatatalagang muli sa ibang paaralang elementarya hangga't maaari matapos ang kanilang pagkakataliksik upang hindi nila malaktawan ang akademikong instruksiyon. Ang tatanggap na paaralan ay gagawa ng planong pag-uusap muli/wastong asal sa mag-aaral at magulang upang masiguro na ang mag-aaral ay maaaring magtagumpay sa kanyang bagong paaralan.

Pagpapatibay ng mga Alintuntunin ng Lupon ng Paaralan ng Seattle

Ipinatupad ng Lupon ng Paaralang Seattle ang mga alintuntunin na ito noong Hunyo 2017. Ang Paaralang Dsitrito at sumusunod sa matibay na pamamalakad ng pamamaraan sa karapatan na ginagarantiya ng Tanggapan ng Superintendente ng Pamublikong Instruksiyon sa ilalim ng RTCW 28A.600.015. *Tingnan*, WAC 392-400. Ang kopya ng mga alintuntunin ay maaaring hilingin sa pagtawag sa Tanggapan ng Pag-apela sa Disiplina sa 206-252-0820 o kunin sa internet ang alintuntunin sa <http://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=392-400>

Mga Alituntunin sa Paaralan

Karagdagan pa sa mga tuntunin ng distrito sa itaas, ang bawat paaralan ay magpapatibay at mamamahagi sa bawat mag-aaral ng mga tuntunin na mamamahala sa pag-uugali ng mag-aaral sa isang partikular na paaralan. Kapag ang mag-aaral ay hindi sumunod sa mga tuntuning ito ng paaralan, siya ay maaaring disiplinahin.

Karapatan sa Pagkakapantay-pantay na Marinig sa Ilalim ng Batas ng Mag-aaral

Ang mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay naniniwala na ang karapatan sa pagkakapantay-pantay na marinig ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay kinakailangan na pakitunguhan ng walang pagkiling at may paggalang tungkol sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Ito ay nangangahulugan ng ang aksiyong pangdisiplina sa isang mag-aaral na lumabag sa mga tuntunin ay kailangang mabigyan ng walang kinikilingan at para sa kabutihan at tamang dahilan. Ang mga mag-aaral ay may karapatang magsabi ng kanilang panig tungkol sa pangyayari at makatanggap ng makatarungang pagpaparusa para sa kanilang inasal. Ang mga opisyal ng paaralan ay magbibigay lamang ng aksiyong pangdisiplina pagkatapos ng puspusang pagsisiyasat ng mga katunayan at ang mga katunayan ay kinakailangan na laging makatwiran kaugnay sa uri at pangyayari ng paglabag. Ang mga mag-aaral ay may karapatang mag-apila para sa aksiyong pangdisiplina na sa palagay nila ay hindi makatwiran o hindi makatwiran na ibinigay.

Ang mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay nagpatibay at nagpatupad ng mga tuntunin sa karapatan sa pagkapantay-pantay na marinig na makikita sa WAC 392-400. Ang mga tuntuning ito ay binabalangkas ang karapatang mahalaga at pamamaraan ng karapatan sa pagkapantay-pantay ng mag-aaral na kasali sa mga programa o mga gawain sa loob ng Pamublikong Paaralan ng Seattle. Karagdagan pa, ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay nagpatibay ng mga tuntunin na gumagarantiya sa pinakamaliit na pamantayan ng karapatan sa pagkakapantay-pantay na marinig at proteksiyon. Ang iba pang tuntunin na namamahala para sa pag-uugali ng mag-aaral ay kinabibilangan ng WAC 392-145 (mga bus sa paaralan).

Panandaliang Suspensyon³²

Ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ay maaaring magsuspendi ng panandalian ng mag-aaral sa paggawa ng kaasalan na may pakahulugan sa seksyon ng Asal ng Mag-aaral ng Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral. Bago magbigay ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ng panandaliang suspensyon sa mag-aaral kailangan silang sumunod sa ilang pangkalahatang mga tuntunin, na nakalista sa ibaba:

1. Ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ay kailangang makagawa na desisyon para suspendihin ang isang mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga dahilang makapagpapagaan at makapagpapabigat. Ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ay dapat makatwirang maniwala na ang isang panandaliang suspension ay magbibigay ng malinaw na benepisyong sa mag-aaral at sa paaralan, at ang ibang silid-aralan at opsiyon ng paaralan ay naubos na.
2. Ang mga gradong Pre-school hanggang ika-4 na grado, ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang itinalaga ay hindi maaaring isuspendi ng panandalian ang isang mag-aaral ng higit sa sampu (10) sunod-sunod o pinagsama-samang sa mga araw ng pasok sa isang semestre o tatlong semestre, depende sa paaralan.
3. Ang nasa ikalimang grado o pataas, ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ay hindi maaaring isuspendi ng panandalian ang isang mag-aaral ng higit sa labing-lima (15) sunod-sunod o pinagsama-samang mga araw ng pasok sa isang semestre o sampu (10) sunod-sunod o dumadami sa mga araw ng pasok sa anumang tatlong semestre, depende sa paaralan.
 - a. Walang pagkawala ng grado o kredito ang ipaparusa dahil sa panandaliang suspension.
4. Sinumang mag-aaral na masuspendi ng panandaliang ay maaaring makiusap ng mababang aksiyon pangdisiplina; kasama ang mapayagang na makabalik sa paaralan kaagad. Ang pakiusap na ito ay gagawin sa punong-guro ng paaralan alinman sa pasalita o sa pagsulat, at ituturing bilang Hakbang 1 na Reklamo.
5. Pamamagitan: Kung ang aksiyong pangdisiplina ay pinamagitan sa araw na iyon ang mga mag-aaral at/o magulang/tagapag-alaga ay sumasang-ayon na sa paglagda sa kasunduan sa pamamagitan³³ang lahat ng mga isyu na may katotohanan at legal na may kaugnayan sa isang partikular na disiplina ay sa wakas nalutas na ng buo, at ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay hindi na magsasampa ng apela na may kaugnayan dito sa insidente ng pagdisiplina. Kung ang pamamagitan ay hindi sinang-ayunan ng kapwa partido, ang pulong sa pagreklamo ay kikilos ng pasulong at ang tagapamahala ng paaralan ay gagawa ng desisyon.

³² WAC 392-400-245

³³ *Tingnan*, Apendiks C para sa pormularyo ng pamamagitan sa disiplina.

6. Ang panandaliang suspension ay magsisimula kaagad kahit na ang mag-aaral o magulang ay mag-apela sa aksiyon.

Abiso sa mga Magulang/Tagapag-alaga at Mag-aaral ng Panandaliang Suspensyon³⁴

Ang mag-aaral ay may karapatan sa isang pagpupulong bago siya ay suspendihin ng panandalian. Sa panahon ng pagpupulong, ang mag-aaral ay kailangang masabihan o sulatan ng:

1. Pagpapaliwanag sa ipinaratang na maling pag-uugali o ilista ang tuntunin ng paaralan na ipinaratang na sinuway;
2. Pag-aaral ng katibayan na sumusuporta sa mga akusasyon;
3. Paliwanag sa ibibigay na aksiyong pangdisiplina na mangyayari; at
4. Pagkakataon na maipagtanggol ang sarili.

Kahit na binigyan ng karapatan na magkaroon ng isang pagpupulong bago masuspendi ng panandalian, ang mag-aaral ay maaaring masuspendi ng panandalian ng walang pagpupulong kung siya ay hindi pumayag na sumali sa, o hindi siya nagpunta para sa, isang pagpupulong.

Ang **magulang/tagapag-alaga** ay may karapatan na pasabihan o sulatan sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras tungkol sa isasagawang pagdidisiplina sa sariling wika na sinasalita ng magulang/tagapag-alaga. Ang nakasulat na abiso ay tinatawag na *Notice of Disciplinary Action* (NDA- Abiso para sa Gagawing Pagdidisiplina). Mayroong mga isinalin ng NDA. Ang NDA ay kailangang kabilangan ng:

1. Ang dahilan ng pagsuspendi at ang haba ng suspensyon
2. Ang mga kondisyon na may kaugnayan sa suspensyon, gaya ng isang pangangailangan para matapos ang isang partikular na gawain (gaya ng, komperensiya ng magulang/guro, pagsusuri sa alkohol/gamot, o kailangan para sa pagbabago ng pag-uugali, iba pa.)
3. Ang kanilang karapatang umapila at ang pamaraan ng paggawa ng apila.

Sa loob ng dalawampung-apat (24) na oras pagkatapos magsimula ang suspension, lahat ng panandaliang suspensyon at ang mga dahilan para sa suspensyon ay kailangang mailagay sa PowerSchool at ng makuha ng Tanggapan ng Pag-apela sa Pagdidisiplina.

Pamaraan para sa Reklamo (Apela): Panandaliang Suspensyon o Iba pang mga Parusa sa Pagdidisiplina³⁵

Ang pag-apila sa isang panandaliang suspensyon ay tinatawag na “reklamo”. Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nagpatibay at nagpatupad ng pamaraan para sa reklamo na makikita sa WAC 392-400-240. Ang pamaraan ito para sa reklamo ay nagbibigay sa taong nag-apila ng isang pagkakataon na tanggihan ang pampaaralang pagdidisiplina at/o ang panandaliang suspensyon. Sa panahon ng pagdinig tungkol sa hinanakit, ang pangkat na nag-apela ay maaring makiusap sa punong-guro na palitan ang ipinataw na disiplina sa dahilang siya ay naniniwala na ang kapasyahan ay hindi makatwirang ibinigay sa kanilang anak o may pagkakamali sa paraan ng pagdidisiplina sa mag-aaral.

Ang panandaliang suspensyon ay magsisimula kaagad at hindi puwedeng ipagpaliban maliban kung ang punong-guro ay pumayag na pakinggan ang reklamo bago ipatupad ang panandaliang suspensyon.

Ang pamaraan ito para sa reklamo ay hindi isinagawa sa mga pangyayari na kinasangkutan ng di-pangkaraniwang pag-uugali ng kawani. Kung ang magulang/tagapag-alaga ay pumayag na ang kanilang anak ay nabigyan ng tamang disiplina, ngunit nag-aalala na ang kilos ng pag-uugali ng administrador ay hindi tama, ang nagreklamo ay maaring makipag-ugnayan sa Direktor Ehekutibo sa paaralan.

³⁴ WAC 392-400-250

³⁵ WAC 392-400-240

Ang sinumang mag-aaral, magulang, tagapag-alaga ay maaaring umapela para sa disiplina ng mag-aral. Mayroong tatlong hakbang para sa pag-aapela ng disiplina sa antas na ito, tinatawag na reklamo.

1. Ang mga magulang at/o tagapag-alaga ng umaapela para sa disiplinang pagpaparusa ay may karapatan na humiling ng isang impormal na kompetensiya para sa reklamo sa punong-guro ng gusali o kaniyang kinatawan **sa loob ng tatlong araw ng pasok** sa oras na malaman ang disiplinang pagpaparusa. Ang opisyal ng paaralan na nagdisiplina sa mag-aaral ay pasasabihan na ang disiplina ay inaapila.

Sa panahon ng impormal na pagpupulong, ang punong-guro o kinatawan nito ay maaaring tanungin ang taong nag-aapela, at ang taong nag-aapela ay maaaring tanungin ang kawani ng paaralan na nakasali sa pangyayari na nagbunga ng pagdidisiplina. Ang Punong-guro o kanyang kinatawan ay magpapasya kung ang ibinigay na disiplinang pagpaparusa ay dapat manatili.

2. Kung ang taong nag-apela ay hindi nasiyahan sa desisyon sa Unang Hakbang, siya ay maaaring magbigay ng isinulat at/o pasabi na reklamo³⁶ sa Tanggapan ng Apela sa Disiplina sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle. Ang reklamo na ito ay kailangang matanggap sa loob ng tatlong (3) araw ng pasok mula ng matanggap ang desisyon sa Hakbang 1. Isang makikinig na opisyal ang itatalaga upang pakinggan ang Hakbang 2 na reklamo. Ang opisyal na duminig ay magpapalabas ng kapasyahan sa loob ng limang (5) araw ng pasok.
3. Kung ang taong nag-apela ay hindi pa rin nasiyahan sa naging pasya sa Pangalawang Hakbang, siya ay maaaring magbigay ng isang isinulat o pasabi na kahilingan sa isang pagdinig³⁷ sa pag-aapela sa Sanggunian sa Pag-aapila ng Disiplina (DAC). Ang pasulat na reklamo na ito ay kailangang matanggap sa loob ng tatlong (3) araw pagkatapos matanggap ang desisyon mula sa Pangalawang Hakbang. Ang isinulat na kahilingan ay kailangang maipadala sa Tanggapan ng Apela sa Disiplina ng Mag-aaral, Mail Stop 32-150, PO Box 34165, Seattle, WA 98124-1165.

Ang Sanggunian sa Pag-aapela ng Disiplina (DAC) ay karaniwang iniiskedyul ang pagdinig sa loob ng sampung (10) araw ng pasok sa oras na matanggap ang isinulat na kahilingan. Pagkatapos ng pagdinig, ang DAC ay gagawa ng kanilang desisyon at aabisuhan ang pamilya sa pamamagitan ng ipadadalang sulat ng desisyon sa loob ng sampung (10) araw ng pasok pagkatapos ng pagdinig.

Ang mag-aaral na nakatanggap ng panandaliang suspensyon ay kailangang magsimula kaagad. Ang panandaliang suspensyon ay ipagpapatuloy kahit na ang nasuspendidong mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay nag-apila, maliban kung di-pairalin ng punong-guro ang ipinag-uutos na ito. Ang punong-guro ang magpapasya na ipagpapatuloy o hindi ipagpapatuloy ang suspensyon sa nakabitin pag-aapela at ang panig ng nag-aapela ay hindi maaaring mag-apela sa desisyong ito.³⁸

PANG-MATAGALANG SUSPENSYON O PAGPAPATALSİK MULA SA PAARALAN³⁹

Ang mga punong-guro o katulong na punong-guro ay maaaring magsuspendi ng matagal o patalsikin ang isang mag-aaral sa paggawa ng kaasalan na may kahulugan sa seksyon ng Asal ng Mag-aaral ng Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral. Bago ang punong-guro o katulong na punong-guro ay magsuspendi ng matagal o magpatalsik ang isang mag-aaral kailangang sumunod sa ilang pangkalahatang tuntunin, na nakalista sa ibaba:

³⁶ Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay tumatanggp na pasulat o pasalita na mga hiling para sa Hakbang 2 na Reklamo.

³⁷ Ang Konseho ng Apela sa Disiplina (Disciplinary Appeals Council) ay tatanggap lamang ng pasulat na mga hiling para sa Hakbang 3 na Reklamo.

³⁸ WAC 392-400-255.

³⁹ WAC 392-400-260.

1. Ang mga punong-guro, katulong na punong-guro, at kanilang mga itinalaga ay kailangang makagawa ng desisyon para suspendihin o patalsikin ang isang mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga dahilan na makapagpapagaan at makapagpapabigat. Ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ay dapat makatwirang maniwala na ang isang pangmatagalang suspensyon o pagpapatalsik ay magbibigay ng malinaw na benepisyo sa mag-aaral at sa paaralan, at ang ibang silid-aralan at opsiyon ng paaralan ay naubos na.
2. Ang mga punong-guro, katulong na punong-guro, at kanilang itinalaga ay hindi maaaring isuspendi ng matagalang o patalsikin ang isang mag-aaral maliban kung kanilang ginamit ang paulit-ulit na disiplina.
3. Pamamagitan: Kung ang pangdisiplinang aksiyon ay pinamagitanan sa araw na iyon ang mag-aaral at /o magulang/tagapag-alaga ay sumasang-ayon na sa paglagda sa kasunduan sa pamamagitan⁴⁰ ang lahat ng isyu na may katotohanan at legal na may kaugnayan sa isang partikular ng aksiyon pangdisiplina ay sa wakas nalutas nang buo, at ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay hindi magsasampa ng apela na may kaugnayan dito sa insidente ng pagdisiplina. Kung ang pamamagitan ay hindi sinasang-ayunan ng kapwa partido, ang pangmatagalang suspensyon ay kikilos ng pasulong ayon dapat sundin.
4. Ang isang pangmatagalang suspensyon o pagpapatalsik ay magsisimula sa ika-apat ng araw ng aralan pagkaraan ng araw ng insidente upang siguruhin na ang mga magulang/tagapag-alaga ay alam ang pinag-usapang aksiyon ng pangdisiplina at upang bigyan sila ng oras upang ipela ang suspensyon kung gusto nila. Ang mga mag-aaral ay may karapatan na pumasok sa paaralan habang ang apela ay nasa proseso.
5. Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay magsisimula sa araw ng insidente at maaaring tumagal hanggang sa sampung (10) aralang araw. Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay pinapayagan lamang kapag naniniwala ang paaralan na ang pananatili ng mag-aaral sa paaralan ay binubuo ng mabilis at nakaambang panganib sa mag-aaral, sa ibang mga mag-aaral o kawani, o sa prosesong edukasyonal ng paaralan.⁴¹
6. Ang pangmatagalang suspensyon ay maaaring mula sa 11 araw hanggang 90 araw (ang haba ng isang akademikong aralan). Ang mga-aaral ay babalik sa nagsuspending paaralan sa pagkatapos ng pangmatagalang suspensyon.
7. Ang pagkataliksik mula sa isang partikular na paaralan ay pamalagian at ang mag-aaral ay maaaring hindi na makabalik sa paaralang iyon. Kahit na, mayroong ibang mga paaralan at programang edukasyonal sa buong Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle na maaaring pasukan ng isang mag-aaral na napatalsik mula sa isang partikular na paaralan, kasama ang Programang Muling Pagpasok sa Haiskul at Interagency Academy. Hindi kasama ang pagkataliksik sa Distrito sa pagtataglay ng armas,⁴² ang araw na ang isang mag-aaral ay maaaring mapiit na hindi matalaga sa anumang paaralan o programang edukasyonal dahil sa pagkataliksik mula sa isang partikular na paaralan ay hanggang sa sampung (10) araw na aralan.⁴³
8. Upang ang disiplina ay maibigay ng makatwiran at pantay-pantay, ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay naglathala ng aklat-patnubay para sa pamantayan ng pagdidisiplina para sa mga paaralan na gamit para malaman kung kailan dapat mabigyan ang mag-aaral ng matagal na suspensyon o patalsikin.
9. Inutos ng Lupon ng Paaralang Seattle na walang mag-aaral ang kailangang masuspende o mapatalsik dahil sa hindi pagpasok.
10. Sa pre- kindergarten hanggang ika-apat na grado, ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga, ay hindi maaaring isuspende ng matagalang ang mga mag-aaral, subali't maaari nilang patalsikin ang mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang nasa ika-apat na grado.
11. Sa nasa limang grado at pataas, ang mga punong-guro, katulong na punong-guro at kanilang mga itinalaga ay maaaring suspendihin ng matagalang o patalsikin ang mag-aaral, pero ang mga mag-aaral na iyon ay may karapatan sa mga serbisyong edukasyonal sa buong panahon ng aksiyong pandisiplina.
12. Ang mga mag-aaral at magulang ay kailangang mapasabihan ng karapatan ng mag-aaral upang ipagpatuloy ang programang edukasyonal sa Programang Muling Pagpasok sa Haiskul at Interagency Academy, at kung plano magamit ang programa.
13. Ang mga mag-aaral ay may karapatan sa isang pulong na pakikipag-ugnayan muli sa ilalim ng RCW 28A.6000.022 na itatakda sa loob ng 20 araw na pangmatagalang suspensyon ng mag-aaral. Hinihingi ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle na ang pulong na pakikipag-ugnayan muli ay gawin sa loob ng tatlong (3) nang ang Patalastas ng Aksiyon

⁴⁰ *Tingnan*, Apendiks C para sa isang pormularyo ng pamamagitan sa disiplina.

⁴¹ Ang pangmahabang suspension ay maaaring ipataw na kasabay ng emerhensiyang pagpapatalsik.

⁴² *Tingnan*, Mga Pamamaraan ng Superintendente No.3248SP

⁴³ WAC 392-400-275

Pangdisiplina (NDA) ay ginawa at ibinigay sa mga pamilya. Ang pulong ng pakikipag-ugnayan muli ay itatakda at ipadadala sa bahay. Ang patalastas ng araw ng pulong ay isasama sa NDA na sulat.

Eksepsiyon sa tuntunin ng paulit-ulit na pangdisiplina

Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay magpapatalsik sa unang pagkakasala ng walang pagsasaalang-alang sa progresibong disiplina kung ang nakabibigat na dahilan ay nagbigay katwiran dito sa pangdisiplinang tugon.

Abiso sa mga magulang/tagapag-alaga para sa pang-matagalang suspensyon o pagpapatalsik⁴⁴

Bago ang mag-aaral ay masuspendi ng matagal o mapatalsik, ang mga mag-aaral at kanyang (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga ay kinakailangang makatanggap ng nakasulat na Abiso Para sa Gagawing Disiplina na kinabibilangan ng mga impormasyon tungkol sa kanilang karapatan na mag-apela para sa pang-matagalang suspensyon pagpapatalsik at ng pagkakaroon ng isang pagdinig. Ang abisong ito ay kinakailangang maipadala alinman ng personal o ng sinertipikahang sulat.

1. Ang nakasulat na abiso ay kailangang nasa wika ng magulang/tagapag-alaga at mag-aaral na sinasalita at nauunawaan hangga't maaari,
2. Ang nakasulat o pasalitang abiso ay magpapaliwanang ng ipinaratang na nilabag na tuntunin ng paaralang Distrito,
3. Ang nakasulat na abiso ay kikilalalanin ang iminungkahing disiplina,
4. Ang nakasulat na abiso ay ipapaliwanag ang mga karapatan ng mag-aaral at/o kaniyang (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga upang iapela ang ipinaparatang, at
5. Ang pasalita o nakasulat na abiso ay ipapaliwanag kung paano iapela ang ipinaparatang at kung kailan dapat matanggap ang hihilinging bista.

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay may ilang desisyon na kailangang gawin pagkatapos na ang kanilang anak ay nabigyan ng matagal na suspensyon o napatalsik. Ang unang desisyon ay kung mag-aapela para sa suspensyon o pagpapatalsik mula sa paaralan. Ang desisyong ito ay kailangang magawa sa lalong madaling panahon dahil sa may tatlong-(3) araw na palugit para sa pagsasampa ng apila, simula sa araw na nalaman nila na ang kanilang anak ay nasuspendi ng matagal o napatalsik.

Ang mga magulang/tagapag-alagang **mag-aaral sa haiskul** na nagpasya na hindi na mag-apela ay kailangang kontakin ang Interagency⁴⁵ para maiayos ang isang pagtatalaga sa isang tamang programang edukasyonal na pagpasok muli sa pamamagitan ng Serbisyo sa Palistahan. Ang lahat ng mag-aaral ay may karapatan sa mga serbisyong edukasyonal hanggang sa matapos ang aksiyong pangdisiplina.

Ang mag-aaral na napatalsik ay kailangang pumunta kaagad sa Serbisyo ng Palistahan (Enrollment Service) upang makipag-ayos sa pagtatalaga sa angkop na edukasyonal na programa dahil sa hindi na sila makababalik muli sa parehong paaralan maliban kung nagpetisyon sa punong-guro na matanggap muli.

Sa oras na ang mga mag-aaral ay nakumpleto na ang mga kondisyon ng pang-matagalang suspensyon, kabilang na ang pagpapatunay na kanilang nakumpleto na ang alinmang programa na kanilang kailangan para makasali bilang isang bahagi ng disiplinang pagpaparusa, ang mag-aaral ay automatikong tatanggapin mula sa paaralan na nagbigay sa kanila ng matagal na suspensyon. Ang mag-aaral na napatalsik mula sa isang paaralan ay hindi na uli maaaring itala sa paaralang iyon maliban kung magpetisyon sila para makapasok muli at maaprubahan ng punong-guro na bumalik.

⁴⁴ WAC 392-400-265 atwac 392-400-270.

⁴⁵ Ang telepono ng numero ng Interagency ay 206-743-3930.

Espesyal na tuntunin para matanggap-muli sa parehong paaralan pagkatapos na mapatalsik

Karaniwan, ang pagpapatalsik mula sa isang paaralan ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay hindi na maaaring pumasok sa paaralang iyon muli. Gayunpaman, ang mga magulang/tagapag-alaga at mga mag-aaral ay maaaring magsulat ng petisyon ng ang mag-aaral ay makabalik sa parehong paaralan. Ang isinulat na petisyon ay kailangang ipadala sa punong-guro ng paaralan na nagpatalsik sa mag-aaral at kailangang ipadala sa paaralang iyon. Ang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ay kailangang magbigay ng mga dahilan kung bakit ang mag-aaral ay kailangang maibalik sa paaralan. Ang desisyon kung tatanggapin muli ang mag-aaral na napatalsik ay depende sa pagpapasya ng punong-guro. Ang desisyon ng punong-guro ay hindi maaaring iapela.

Pamamaraan sa Pag-apela para sa Pangmatagalang Suspensyon at Pagpapatalsik

Kapag ang isang mag-aaral ay nasuspendi ng matagal o napatalsik ang mga magulang/tagapag-alaga o ang mag-aaral ay maaaring iapela ang pangmatagalang suspensyon o pagpapatalsik sa Superintendent. Sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, nagtalaga ang Superintendent ng mga opisyaes sa pagdinig na makikinig sa mga apela bilang kinatawan ng Superintendent. Ang mga opisyaes sa pagdinig ay mga kasapi ng pamayanan na nagsanay tungkol sa batas ng estado at patakaran ng paaralang distrito at nauunawaan ang mga tuntunin para sa nararapat na hakbang. Ang mga opisyaes sa pagdinig ay maaaring magpatibay, magbaligtad, o magbago ng pagpapataw ng disiplina. Ang sumusunod na pamamaraan ay ginagamit:

A. Panahon ng Pamamaraan ng Pag-apela

1. Ang panig ng nag-apela ay kailangang humiling ng isang pagdinig para makapag-apela mula sa Tanggapan ng Pag-aapela sa Disiplina sa loob ng tatlong (3) araw ng pasok matapos na kanilang matanggap ang abiso para sa tamang pagpaparusa o pagdidisiplina na iminungkahi. Ang kahilingan para sa isang pagdinig para sa apela ay maaaring alinman sa pasulat o pasabi, kasama na rin ang pagtawag sa telepono. Ang numero ng telepono sa Discipline Appeals Office ay 206-252-0820.
2. Kung ang kahilingan para sa pag-aapela ay hindi natanggap sa loob ng tatlong (3) araw na pasok pagkatapos makatanggap ng abiso para sa tamang pagpaparusa o pagdidisiplina na iminungkahi, ipapataw ng paaralan ang iminungkahi na pangmatagalang suspensyon o pagpapatalsik, at ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi na magkakaroon ng pagkakataon na umapila tungkol sa bagay na ito.
3. Kung ang kahilingan sa pagdinig para sa pag-aapela ay natanggap sa loob ng tatlong-araw (3) na palugit, ang Opisina para sa Pag-aapela ng Disiplina ay mag-iiskedyul ng isang pagdinig na gagawin sa loob ng tatlong (3) araw ng pasok mula sa araw na natanggap ang apela.

B. Mga karapatan ng magulang/tagapag-alaga at mag-aaral

Ang magulang/tagapag-alaga at mga mag-aaral ay may tiyak na karapatan sa pagdinig bago, habang, at pagkatapos ng kanilang hiniling na pagdinig. Ang mga karapatang ito ay pinagtibay ng ating lehislatura ng estado at makikita sa WAC 392-400. Ang mga karapatang ito ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa sumusunod:

1. Ang panig ng nag-apela ay may karapatan na suriing mabuti bago magkaroon ng pagdinig ang anumang nakasulat o pisikal na katibayan na maaaring ipakita ng paaralan sa pagdinig, kabilang na ang mga pahayag ng testigo. Ang pangalan ng mga mag-aaral ay maaaring alisin upang pangalagaan ang dapat ay lihim.
2. Ang panig ng nag-apela ay may karapatan na katawanin ng isang pribadong abogado, hindi ang publiko ang magbabayad. Ang Pamublikong Paaralan ng Seattle ay magkakaroon rin ng sariling abogado kung ang panig ng nag-apela ay may abogado, kaya ang Tanggapan ng Disiplina ay kailangang pasabihan sa lalong madaling panahon kung ang mag-aaral ay may kinatawan.
3. Ang panig ng nag-apela ay may karapatan na tanungin o harapin ang mga saksi sa pagdinig. Ang karapatang ito ay maaring limitado kung ang Pamublikong Paaralan ng Seattle ay gumawa ng makatwirang pagsisikap na magharap ng saksi at hindi ito nagawa o kung hindi nararapat para sa mag-aaral ang humarap dahil sa isang inaasahan at takot sa panig ng administrador na ang mag-aaral ay maaring gantihan kung siya ay humarap na saksi.
4. Ang panig ng nag-apela ay may karapatan na magharap ng kaniyang paliwanag sa ibinibintang na pag-uugali.
5. Ang panig ng nag-aapela ay maaaring humiling na ang mga saksi na nakakita o may alam sa pangyayari na pinagtatalunan na magsalita sa pagdinig, kabilang na ang ibang mag-aral, at

6. Ang panig ng nag-apela ay maaaring magpakita ng anumang nakasulat o pisikal na katibayan na sumusuporta sa kaso ng mag-aaral.

C. Karapatan ng paaralan bago magkaroon ng pagdinig

Ang administrador ng paaralan o sinuman na maglalahad ng kaso ng paaralan ay may karapatan na magsiyasat bago magkaroon ng pagdinig ng anumang nakasulat o pisikal na katibayan na maaaring ilahad ng (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga sa pagdinig.

D. Sa pagdinig

1. Ang mga kasali sa pagdinig ay limitado lamang duon sa may kaugnayan sa kaso sa kasalukuyan, karaniwan ang administrador ng paaralan, ang mag-aaral at kanyang magulang o tagapag-alaga, at mga saksi sa insidente. Kung ang mag-aaral ay kinatawan ng isang abogado, ang abogado ng Distrito ay haharap upang payuhan ang administrador ng paaralan. Ang ibang miyembro ng pamilya o kaibigan ay hindi inaasahan na dumalo, kahit na ang magulang ay maaaring mayroong isang suportang tao hangga't ang taong iyon ay hindi din isang saksi. Ang opisyal ng pagdinig ay may kapangyarihan na magpasya kung sino ang maaaring dumalo.
2. Magkakaroon ng isang pipirmahang papel at lahat ng tao na naroon ay kailangang pumirma.
3. Lahat ng tao na nasa pagdinig ay kailangang magpanatili ng magalang na asal. Kabilang sa mga aasahan ay pagpigil sa pagsigaw, pagtawag sa ibang pangalan, pagsumpa, pananakot sa mga testigo, o ibang pang-aapi, pananakot o nakakagulong asal. Ang opisyal na pagdinig ay maaaring tigilan ang pagdinig kung naroon ang mga kaasalang ito. Ang opisyal ng pagdinig ay magpapasya pagkatapos kung magtatakda muli ng pagdinig sa ibang araw o gumawa ng desisyon batay sa impormasyon na ipineresenta na hanggang doon sa punto ng pagdinig na iyon.
4. Kung ang administrador ng paaralan, mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay nagkasundo upang pamagitan ang aksiyong pangdisiplina na naglalahad ng lahat ng mga bagay ng mga pagbabago na gagawin ay ihahanda at pipirmahan. Ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay nagkasundo na sa paglagda sa kasunduan ng pamamagitan ang lahat ng may katotohanan at legal na isyu na may kaugnay sa isang partikular na aksiyong pandisiplina ay nagwakas na at nalutas nang mabuti, at ang mga-aaral at magulang/ tagapag-alaga ay hindi magsasampa ng apela kaugnay nitong insidente ng disiplina. Kung alinman sa magkabilang panig ay nagdesisyon na ang pagsisikap na mamagitan ay hindi tama sa kung anumang dahilan, ang pagdinig ay isusulong.
5. Ang mga testigo ay hindi maaaring naroon sa silid ng pagdinig maliban sa oras na magbibigay sila ng patunay. Kapag natapos na nila ang patunay, paaalisin na sila sa kuwarto.
6. Ang ebidensiya lamang na ibinigay sa pagdinig ang gagamitin ng opisyal ng pagdinig sa paggawa ng desisyon. Walang impormasyon ang maaaring ibibigay sa opisyal ng pagdinig sa labas ng pagdinig.
7. Ang opisyal ng pagdinig ay gagawa ng desisyon batay sa sumusunod na kriterya ng karapatan na marinig:
 - a. Pangingibabaw ng ebidensiya: Ang nasabi bang asal ay nangyari ?
 - b. Disiplina sa Asal ng Mag-aaral: Mayroon bang karapatan ang paaralan na disiplinahin ang mag-aaral sa paraang napili, batay sa alintuntunin ng Distrito at paaralan?
 - c. Mayroon bang mga dahilan na makapagpapagaan o makapagpapalubha na kinikilala ng Distrito na dapat na isinaalang-alang ng paaralan sa pagdesisyon kung dapat disiplinahin ang inasal o pagpili ng opsiyong pangdisiplina?
8. Ang opisyal ng pagdinig ay walang kinikilingan. Siya ay hindi maaaring maging testigo sa insidente na nagresulta sa pagdisiplina o tumestigo sa pagdinig.
9. Ang pagdinig ay irekord na may salita.
10. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring mamagitan, baguhin, baligtarin o pagtibayin ang aksiyong pandisiplina. Ang opisyal ng pagdinig ay magbibigay ng nakasulat na desisyon, na ipadadala sa magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng sertipikadong sulat sa loob ng isang linggo mula sa araw ng pagdinig. Ang pagsasaling-wika ng desiyon ng pagdinig sa wikang ginagamit sa bahay ng pamilya ay ibibigay, gastos ng Distrito.

11. Ang opisyal ng pagdinig ay magbibigay ng nakasulat na desisyon. Ang nakasulat na desisyong ito ay ipadadala sa mag-aaraal at/o sa(mga) magulang/ o (mga) tagapag-alaga mula sa Tanggapan ng Apela sa Disiplina sa loob ng limang pagtatrabahong araw.

Emerhensiyang Pagpapatalsik

Emerhensiyang pagpapatalsik mula sa isang klase, asignatura, o aktibidad⁴⁶

Ang isang mag-aaral ay maaaring paalisin agad mula klase o asignatura o aktibidad ng isang kawani at dalhin sa punong-guro, katulong na punong-guro, o kanilang itinalaga, kung may sapat na dahilan para paniwalaan na ang pagtigil sa lugar ng mag-aaral ay nagbabadya ng mabilis at patuloy na panganib sa mga mag-aaral, o kawani ng paaralan o isang mabilis at patuloy na banta ng malaking paggambala sa prosesong edukasyonal ng paaralan ng mag-aaral. Ang aksiyong pangdisiplinang ito ay sinisiguro ang kaligtasan at/o katiwasayan para sa mga mag-aaral, kawani, at kapaligiran ng paaralan. Ang pagkatanggal ng mag-aaral ay magpapatuloy lamang hanggang sa: (a) ang panganib o pagbabanta ay wala na, o (b) ang punong -guro, o kanilang itinalaga ay umaksiyon na magpalit sa ibang porma ng aksiyong pangdisiplina. Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay hindi puwedeng kasabay ng ibang aksiyong pangdisiplina.

Emerhensiyang Pagpapatalsik⁴⁷

Ang isang administrador ay maaaring kaagad na magpatalsik ng mag-aaral sa isang emerhensiya, kung mayroong sapat na dahilan na paniwalaan na ang pamamalagi ng mag-aaral ay mapanganib at/ o magiging dahilan ng malaking kaabalahan sa buong paaralan na nasa paaralan ang mag-aaral, sa mga aktibidad at sa ibang mga pagdiriwang ng paaralan. Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay hindi tatagal ng sobra sa 10 araw na aralan. Ang emerhensiyang pagpapatalsik ay magpapatuloy hanggang sa katapusan ng binanggit na araw maliban kung ipawalang bisa ng administrador o ibahin sa isang pagdinig ng apela. Ang punong-guro o itinalagang awtoridad ng paaralan ay makikipag-usap sa mag-aaral na hindi tatagal ng kasunod na araw ng pag-aalis sa mag-aaral at pasimulan ang tamang aksiyon ng pagtutuwid. Ang tao na responsable sa pagpapaalis ng mag-aaral ay pasasabihan ng aksiyon ng pagtutuwid na ginawa bago bumalik ang mag-aaral sa silid-aralan o aktibidad.

Abiso sa Magulang/Tagapag-alaga tungkol sa Emerhensiyang Pagtatanggal⁴⁸

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay aabisuhan tungkol sa emerhensiyang pagpapatalsik at sa kanilang karapatan sa pagdinig kaagad, pero hindi lalampas ng dalawampu't apat na oras (24). Sa karagdagan, isang Abiso ng Aksiyong Pagdisiplina (NDA) ay kailangang ibigay ng personal o isang sertipikadong sulat ng koreo sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras.

1. Ang nakasulat na abiso ay nararapat sa wika ng magulang/tagapag-alaga, at mag-aaral na sinasalita at nauunawaan hangga't maari,
2. Ang nakasulat o pasalitang abiso ay magpapaliwanag sa ipinaratang na maling asal at nilabag na paaralang Distritong Asal ng Mag-aaral,
3. Ang nakasulat na abiso ay tutukoy kung anong disciplinaryong aksiyon ang iminungkahi.
4. Ang nakasulat na abiso ay magpapaliwanag ng mga karapatan ng mag-aaral at/o ang kanyang (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga sa pagdinig para iapela ang (mga)ibinibintang, at
5. Ang pasalita o nakasulat na abiso ay magpapaliwanang kung paano iapela ang mga bintang at ang panahon kung saan ang kahilingan para sa pagdinig ay kailangang matanggap.

⁴⁶ WAC 392-400-290

⁴⁷ WAC 392-400-295

⁴⁸ WAC 392-400-300 and WAC 392-400-310

Ang pamamaraan sa pag-aapela para sa emerhensiyang pagpapatalsik

Kung ang emerhensiyang pagpapatalsik ay ang tanging parusa na nakasulat sa abiso ang (mga) mag-aaral (at/o (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga ay may hanggang sampung (10) araw ng pasok pagkatapos matanggap ang abiso ng emerhensiyang pagpapatalsik para makahiling ng pagdinig sa pag-aapila mula sa Tanggapan sa Pag-aapela ng Disiplina, 206-252-0820. Ang sampung-araw na palugit ay magagamit lamang kung ang emerhensiyang pagpapatalsik ay ang tanging parusa na iginawad. Kapag ito ay isinama sa anumang mga parusa (pagpapatalsik o pang-matagalang suspensyon), ang karaniwang tatlong-araw na palugit ang gagamitin. Ayon sa patakaran ng Pampublikong Paaralan ng Seattle, ang kahilingan para sa isang apela ay maaaring nakasulat (kasama ang sa pamamagitan ng e-mail) o gawin sa telepono.

A . Bilang ng Araw sa Proseso ng Apela

1. Ang panig ng nag-aapela ay kailangang humingi ng pagdinig sa apela sa Tanggapan ng Apela sa Disiplina sa loob ng sampung araw (10) araw ng aralan pagkatapos matanggap nila ang abiso ng aksiyong pangdisiplina na iminumungkahi.
2. Kung ang apela ay hindi natanggap sa loob ng sampung (10) araw ng aralan, ang emerhensiyang pagpapatalsik ay magpapatuloy at ang (mga) magulang o (mga) tagapag-alaga ay hindi na mabibigyan pa ng pagkakataon na iapela ang bagay. Ang paghingi ng pagdinig sa apela ay maaaring nakasulat o pasalita, kasama ang pagtawag sa telepono. Ang numero ng telepono ng Tanggapan sa Pag-apila ay 206-252-0820.
3. Kapag natanggap ang paghingi ng pagdinig sa loob ng sampung (10) araw na takda, ang Tanggapan sa Pag-apela ng Disiplina ay magtatakda ng pagdinig na gagawin sa loob ng tatlong (3) araw ng aralan mula sa araw na matanggap ang apela.

B. Mga karapatan ng magulang/tagapag-alaga at mag-aaral

Ang magulang/tagapag-alaga at mga mag-aaral ay tiyak na may karapatan sa pagdinig bago, habang, at pagkatapos ng kanilang hiniling na apila. Ang mga karapatang ito ay pinagtibay ng ating batasan ng estado at makikita sa WAC 392-400. Ang karapatan ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa sumusunod:

1. Ang panig ng nag-apila ay may karapatan na magsuring mabuti bago magkaroon ng pagdinig ng anumang nakasulat o pisikal na katibayan na maaaring ipakita ng paaralan sa pagdinig, kabilang na ang mga pahayag ng testigo. Ang pangalan ng mga mag-aaral ay maaring makabilang. Sa bigay na maikling panahon para sa isang apila na pagdinig, ang mga kopya ng nakasulat na mga pahayag ay maaaring wala pa hanggang 24 na oras bago ang pagdinig.
2. Ang panig ng nag-apila ay may karapatan na katawanin ng isang pribadong abogado, hindi publiko ang magbabayad. Kung isang abogado ay kakatawan sa mag-aaral sa pagdinig, magkakaroon ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ng kanyang abogado, kaya kailangan na pasabihan ang Tanggapan ng Disiplina kaagad kung ang mag-aaral ay kakatawanin.
3. Ang panig ng nag-apila ay may karapatan na tanungin ang mga saksi. Ang karapatang ito ay limitado kung ang Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakagawa ng makatwirang pagsisikap na maiharap ang saksi at hindi ito nagawa o kung hindi ito nararapat para sa mag-aaral ang humarap dahil sa inaasahan at takot sa bahagi ng administrador na ang mag-aaral ay maaaring gantihan kung siya ay humarap bilang saksi.
4. Ang panig ng nag-apila ay may karapatan na magharap ng kaniyang paliwanag sa ibinibintang na pag-uugali.
5. Ang panig ng nag-apila ay maaaring humiling na ang mga testigo na nakakita o may alam sa pangyayaring naturan ay payagan na magsalita sa pagdinig.
6. Ang panig ng nag-apila ay maaaring magpakita ng anumang nakasulat o pisikal na katibayan na sumusuporta sa kaso ng mag-aaral.

C. Karapatan ng Paaralan Bago Magdinig

Ang administrador ng paaralan o sinuman na kakatawan na maglalahad ng kaso ng paaralan ay may karapatan na magsiyasat bago magdinig ng anumang nakasulat o pisikal na katibayan na maaaring ilahad ng (mga)magulang o (mga) tagapag-alaga sa pagdinig. Ang mga mag-aaral at magulang /tagapag-alaga ay kailangang magbigay ng sapat na mga kopya para sa administrador ng paaralan ng anumang nakasulat na dokumento na maibibigay sa opisyal ng pagdinig.

D. Sa Pagdinig

1. Ang mga kasali sa pagdinig ay limitado lamang duon sa may kaugnayan sa kaso sa kasalukuyan, karaniwan ang administrador ng paaralan, ang mag-aaral at kanyang magulang o tagapag-alaga, at mga saksi sa insidente. Kung ang mag-aaral ay kinatawan ng isang abogado, ang abogado ng Distrito ay haharap upang payuhan ang administrador ng paaralan. Ang ibang miyembro ng pamilya o kaibigan ay hindi inaasahan na dumalo, kahit na ang magulang ay maaaring mayroong isang suportang tao hangga't ang taong iyon ay hindi testigo.
2. Magkakaroon ng isang pipirmahang papel at lahat ng tao na naroon ay kailangang pumirma.
3. Lahat ng tao na nasa pagdinig ay kailangang magpanatili ng magalang na asal. Kabilang sa mga aasahan ay pagpigil sa pagsigaw, pagtawag sa ibang pangalan pagsumpa, pananakot sa mga testigo, o ibang pang-aapi, pananakot o nakakagulong asal. Ang opisyal na pagdinig ay maaaring tigilan ang pagdinig kung naroon ang mga kaasalang ito. Ang opisyal ng pagdinig ay magpapasya pagkatapos kung magtatakda muli ng pagdinig sa ibang araw o gumawa ng desisyon batay sa impormasyon na ipiniresenta na hanggang doon sa punto ng pagdinig na iyon.
4. Kung ang administrador ng paaralan, mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay nagkasundo upang pamagitanan ang aksiyong pangdisiplina, isang kasunduan ng pamamagitan⁴⁹ na naglalahad ng lahat ng mga bagay ng mga pagbabago na gagawin ay ihahanda at pipirmahan. Ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay nagkasundo na sa paglagda sa kasunduan ng pamamagitan ang lahat ng may katotohanan at legal na isyu na kaugnay sa isang partikular na aksiyong pangdisiplina ay nagwakas na at nalutas nang mabuti., at ang mga-aaral at magulang/ tagapag-alaga ay hindi magsasampa ng apela kaugnay nitong insidente ng disiplina. Kung alinman sa magkabilang panig ay nagdesisyon na ang pagsisikap na mamagitan ay hindi tama sa kung anumang dahilan, ang pagdinig ay isusulong.
5. Ang mga testigo ay hindi maaaring naroon sa silid ng pagdinig maliban sa oras na magbibigay sila ng patunay. Kapag natapos na nila ang patunay, paaalisin na sila sa kuwarto.
6. Ang ebidensiya lamang na ibinigay sa pagdinig ang gagamitin ng opisyal ng pagdinig sa paggawa ng desisyon. Walang impormasyon ang ibibigay sa opisyal ng pagdinig sa labas ng pagdinig.
7. Ang opisyal ng pagdinig ay gagawa ng desisyon batay sa sumusunod na kriterya ng karapatan na marinig:
 - a. Pangigingabaw ng ebidensiya: Ang nasabi bang asal ay nangyari?
 - b. Disiplina sa Asal ng Mag-aaral: Mayroon bang karapatan ang paaralan na disiplinahin ang mag-aaral sa paraang napili, batay sa alintuntunin ng Distrito at paaralan?
 - c. Mayroon bang mga dahilan na makapagpapagaan o makapagpapalubha na kinikilala ng Distrito na dapat na isinaalang-alang ng paaralan sa pagdesisyon kung dapat disiplinahin ang inasal o pagpili ng opsiyong pangdisiplina?
8. Ang opisyal ng pagdinig ay walang kinikilingan. Siya ay hindi maaaring maging testigo sa insidente na nagresulta sa pagdisiplina o tumestigo s pagdinig.
9. Ang pagdinig ay inerekord na may salita.
10. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring mamagitan, baguhin, baligtarin o pagtibayin ang aksiyong pangdisiplina. Ang opisyal ng pagdinig ay magbibigay ng nakasulat na desisyon, na ipadadala sa magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng sertipikadong sulat sa loob ng isang linggo mula sa araw ng pagdinig. Ang pagsasaling-wika ng desisyon ng pagdinig sa wikang ginamit sa bahay ng pamilya ay ibibigay, gastos ng Distrito.

⁴⁹ *Tingnan*, Apendiks C para sa pormularyo ng pamamagitan sa disiplina.

11. Kung ang emerhensiyang pagpapatalsik ang aksiyong lamang, ang desisyon ay ibibigay sa loob ng isang (1) aralang trabahong araw pagkatapos ng pagdinig at ang mag-aaral o (mga)magulang/(mga) tagapag-alaga ay aabisuhan sa pamamagitan ng sertipikadong sulat sa koreo sa loob na isang(1) kalendaryong araw.

E. Ang Tagal ng Emerhensiyang Pagpapatalsik

Ang emerhensiyang pagpapatalsik ng mag-aaral ay kailangang matapos o mapalitan ng ibang ayos ng disiplinaryong aksiyon sa loob ng (10) araw ng aralan mula sa araw ng pagpapatalsik.

APELA SA LUPON NG PAARALAN ⁵⁰

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay may karapatan na makiusap sa isang pagrepaso ng desisyon ng duminig na opisyal kung ang Opisyal ng Pagdinig ay sumang-ayon sa pagpatamang aksiyon ng paaralan para sa suspensyon, pagpapatalsik, o emerhensiyang pagpapatalsik, at ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi nasiyahan sa desisyon ng Opisyal ng Pagdinig. Ang Lupon ng Paaralan ng Seattle ay nagbigay ng kapangyarihan nito para makinig at magpasya sa apela (pagrepaso) ng pang-matagalang suspensyon at pagpapatalsik sa Sanggunian para sa Pag-aapela sa Disiplina (DAC)⁵¹ Ang DAC ay hinirang ng Lupon ng Paaralan, at binubuo ng hindi kukulangin sa tatlong katao na permanenteng magsisilbi.

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay kailangang magpadala ng nakasulat na abiso sa Opisina ng Pag-apila sa Disiplina ng Mag-aaral sa loob ng tatlong (3) araw ng pasok pagkatapos matanggap ang desisyon ng opisyal ng pagdinig, makiusap na repasuhin ng DAC ang desisyon ng opisyal na duminig. Ang nakasulat na pakiusap na ito ay kailangang kasama ang pahayag tungkol sa batayan ng apela (ipaliwanang kung bakit nila gustong repasuhin and desisyon ng opisyal na duminig) at isang pahayag kung anong aksiyon ang gusto nila na gawin ng DAC sa bagay na iyon. Ipadala ang sulat na ito sa Student Discipline Appeals Office, Mail Stop 32-150, P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1165.

Mahalagang maunawaan na ang DAC ay magkakaroon ng pagrepaso at pakinggan ang argumento sa pagdinig batay sa kasalukuyang rekord (i.e., ang desisyon ng opisyal ng pagdinig). Ang DAC ay hindi magsasagawa ng bagong pagdinig (*de novo*). Samakatuwid, ang tetimonyo ng testigo ay nasa sariling pasya.

Kung ang panig ng nag-aapela ay hind makiusap ng pagrepaso ng desisyon ng opisyal ng pagdinig, ang pang-matagalang suspensyon o pagpapatalsik ay ipapataw sa araw matapos ang tatlong-araw na palugit.

Ang panig ng nag-aapela ay kailangang makiusap ng pagrepaso sa loob ng tatlong araw ng pasok. Gayunpaman, ang pang-matagalang suspensyon o pagpapatalsik ng mag-aaral ay maaaring ipataw sa panahon ng pag-aapela sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

1. Ang pang-matagalang suspensyon o pagpapatalsik ay maaaring ipataw habang ang desisyon ay inaapela ng hindi hihigit pa sa sampung magkakasunod na araw ng pasok o hanggang ang apela ay nadesisunan na, kung alin ang mas maiksi;
2. Ang anumang mga araw na ang mag-aaral ay pansamantalang nasuspendi o pinatalsik bago ang apela ay napagpasyahan ay gagamitin sa pagkakasuspendi o pagkakapatalsik ng mag-aaral at hindi lilimitahan o dadagdagan ang haba ng suspensyon o pagpapatalsik;
3. Ang mag-aaral na sumailalim sa pansamantalang suspensyon o pagpapatalsik at nagbalik sa paaralan bago naibigay ang desisyon ng apela ay bibigyan ng pagkakataon, kapag siya ay bumalik, na makagawa ng mga asignatura at pagsusulit na hindi nakuha dahil sa suspensyon kung ang asignatura o mga pagsusulit ay matibay na nakaapekto sa grado o mga grado sa semestre o tremestre; o ang hindi

⁵⁰ WAC 392-400-310

⁵¹ Patakaran ng Lupon No. 3201

pagkumpleto ng asignatura o pagsusulit ay makapipigil sa mag-aaral na makatanggap ng kredito para sa klase o mga klase.

Mga Pamamaraan ng Sanggunian para sa Pag-aapela ng Disiplina⁵²

Pinili ng Lupon ng Paaralang Seattle na italaga ang lahat ng apela na nasa antas ng Lupon ng Paaralan sa Sanggunian para sa Pag-aapela ng Disiplina (DAC).⁵³ Kung ang mag-aaral o kaniyang magulang/tagapag-alaga ay nagsampa ng pasalita o nakasulat na pag-aapela sa Tanggapan ng Apela sa Disiplina sa loob ng kinakailangang tatlong (3) araw na pasok, ang Sanggunian ay magtatakda at magtatalaga ng pulong para mapag-aralan ang mga bagay sa loob ng sampung (10) araw ng pasok pagkatapos na matanggap ang abiso.

Ang layunin ng pagpupulong ay para makaharap ang mag-aaral at kaniyang magulang/tagapag-alaga at isang kinatawan ng paaralan para mapag-aralan ang desisyon ng opisyal ng pagdinig at malaman kung may karagdagan pang impormasyon ang kinakailangan para maisaalang-alang na maaaring magbabago sa desisyon ng opisyal ng pagdinig. Ang mag-aaral ng Espesyal na Edukasyon at mag-aaral ng ELL ay may karapatan na magkaroon ng isang tao sa pulong na may nalalaman tungkol sa kanilang kapansanan o mga isyu sa wika/ kultura upang magpayo sa DAC.

1. Bago ang pagpupulong, ang mga kasapi ng Sanggunian ay pag-aaralan ang nakasulat na desisyon ng opisyal ng pagdinig.
2. Sa pagpupulong sa DAC, ang mag-aaral o kaniyang magulang/tagapag-alaga (o abogado) ay may karapatang marinig at magbigay ng karagdagang impormasyon na sa paniniwala nila ay may kinalaman sa pangyayari. Katulad din, ang kinatawan mula sa paaralan ay may karapatan rin na magbigay ng karagdagang impormasyon para mapagtibay ang desisyon ng pagdidisiplina sa mag-aaral. Ang taong may nalalaman tungkol sa kapansanan ng mag-aaral o sa mga isyu sa wika/ kultura ay magbibigay din ng impormasyon sa disiplina na ukol sa kanila sa DAC.
3. Ang DAC ay maaaring sumang-ayon, baligtarin, o baguhin ang pagpapataw ng disiplina, suspensyon, o pagpapatalsik sa mag-aaral. Ang DAC ay magpapadala ng isinulat na desisyon sa magulang o tagapag-alaga at mag-aaral sa loob ng sampung araw (10) ng pasok sa araw na nangyari ang bista. Ang desisyon ay gagawin lamang ng kasapi sa Sanggunian na nakarinig o nakabasa ng katibayan, na hindi tumestigo sa bagay na iyon, at nasa pulong lamang na kung saan nagkaroon ng korum ng DAC, at sa pamamagitan ng boto ng nakararami.
4. Ang pag-aapela mula sa desisyon ng Sanggunian para sa Pag-aapela ng Disiplina ay sa Mataas na Korte. Kahit na o hindi ang suspensyon o pagpapatalsik ay ipatutupad habang ang mag-aaral o ang kaniyang magulang/tagapag-alaga ay nag-aapela pa sa korte ay nasa pagdedesisyon ng DAC, maliban na lamang kung ipinag-uutos ng korte ay naiba. Ang DAC ay hindi kailangang magbigay ng anumang dahilan para sa pagtanggap sa kahilingan na maalis ang suspensyon o pagpapatalsik habang nakabitin ang apela sa korte.

DISIPLINA SA MGA MAG-AARAL NG ESPESYAL NA EDUKASYON⁵⁴

Ang pagdidisiplina para sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon ay karaniwang sumasailalim sa parehong tuntunin ng Mga Karapatan at Mga Pananagutan ng Mag-aaral sa Pampublikong Paaralan ng Seattle na ginagamit din sa mga mag-aaral na walang kapansanan na may pagbabago na inuutos ng pederal na Batas sa mga Indibidwal na may Kapansanan sa Edukasyon (IDEA) na nakalista sa ibaba⁵⁵.

⁵² *Tingnan*, WAC 392-400-315 at WAC 392-400-320

⁵³ *Tingnan*, Patakaran ng Lupon ng Paaralan 3201

⁵⁴ Ang seksyon ay nauukol din sa mga mag-aaral na may karapatan para sa serbisyo at/o akomodasyon sa ilalim ng Seksyon 504. Ang pangkat ng SIT ay pumapalit sa MDT na may responsibilidad para matiyak kung ang asal ng mag-aaral ay nagpapakita ng kanyang kapansanan.

⁵⁵ Ang disiplina ay ipatutupad ng naaalinsunod sa Batas ng Edukasyon sa mga indibidwal na may Kapansanan...”20 U.S.C. §7151(c).

Panandaliang suspensyon at emerhensiyang pagtatanggal

Ang pangkalahatang pamaraan na natutungkol sa pagdidisiplina batay sa paaralan, panandaliang suspensyon, at emerhensiyang pagtatanggal ay ginagamit sa mga mag-aaral na nasa espesyal na edukasyon kung ang iminungkahing pagpaparusa o ginawa ay hindi nagresulta ng pagbabago sa pagkakalagay (gaya ng, pagkawala ng 10 o mahigit pang magkakasunod na araw o isang padron ng pagtatanggal mula sa paaralan) para sa isang mag-aaral ng espesyal na edukasyon, o hindi sumasailalim sa isang plano ng pagpapabuti ng pag-uugali (BIP). Kung mayroong BIP, ang mga hakbang na nasa plano ay kailangang nasunod at nakitang hindi epektibo bago gamitin ang isang panandaliang suspensyon o emerhensiyang pagtatanggal.

Suspensyon/Pagpapatalsik

Kapag isinasaalang-alang na disiplinahin ang isang espesyal na edukasyon na mag-aaral ng isang suspensyon o pagpapatalsik na maaaring kabilangan ng pagbabago ng kinalalagyaan (hal. pagkawala ng 10 araw o higit pang magkakasunod na araw o parating pagkawala sa paaralan) ang mga sumusunod na pamamaraan ay kailangang sundin:

- Alamin kung ang suspensyon o pagpapatalsik ay magbubunga sa pag-iiba ng kinalalagyaan (gaya ng, ang pagkawala ng 10 o mahigit pang magkakasunod na araw o parating pagkawala sa paaralan). Kung walang mababago sa kinalalagyaan, ang parusa ay maaaring igawad. Kung may mababago sa kinalalagyaan, ang paaralan ay kailangan na magbuo ng isang Pangkat ng Nagpapakita ng Determinasyon (MDT) na pulong.
- Abisuhan ang magulang /tagapag-alaga ng kinakailangang pagkasama-sama sa isang (MDT) na pulong at ang Patakaran sa Pangalalaga na ibinigay ng batas, kasama ang karapatan na ipaglaban ang pagdidisiplina na parusa sa isang pagdinig na administratibo para sa karapatan na marinig.
- Ang pulong ng MDT ay kailangang magawa sa loob ng 10 araw na pagbabago ng kinalalagyaan. Ang mga kasali ay kailangang kabilangan ng mga magulang/tagapag-alaga, ang espesyal at regular na guro ng mag-aaral, isang kinatawan ng paaralang Distrito na may nalalaman tungkol sa kapansanan ng mag-aaral, at ang mag-aaral kung nararapat. Ang pagpupulong ay kailangang lubusan na maisulat. Ang layunin ng pagpupulong ay para malaman kung ang ginawa ng mag-aaral na nagbunga sa pagkakadisiplina ay pagpapakita ng (dahil sa o resulta ng) kapansanan ng mag-aaral at kung ang asal ng mag-aaral ay dahilan sa pagkabigo na gamitin ang Planong Pang Indibidwal na Edukasyon (IEP) ng mag-aaral (kabilang ang isang BIP plano).
- Ang suspensyon o pagpapatalsik ay maaaring kung napagpasyahan ng pangkat na ang pag-uugali ay hindi bunga o resulta ng kapansanan ng mag-aaral o resulta ng hindi paggamit ng IEP ng mag-aaral (kasama ang plano sa asal).
- Ang disiplina ay hindi maaaring ipataw kung ang pangkat ay nagpasya na ang pag-uugali ay pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral. o sa pagkabigo sa paggamit ng IEP ng mag-aaral (kasama ang plano sa asal). Sa halip, ang pulong ng IEP ay kailangang magamit para maisaalang-alang kung ano ang mga pagbabago na kailangang gawin sa IEP ng mag-aaral, BIP at/o kung ang kinalalagyaan ng Espesyal na Edukasyon ay tama upang mapag-aralan ang asal ng mag-aaral.

Pansamantalang Pagpipilian ng Lugar para sa Edukasyon (IAES)

Ang kawani ng paaralan ay maaaring alisin ang isang may karapatang mag-aaral sa isang pansamantalang pagpipiliang lugar para sa edukasyon(IAES) na pinasiyahan ng pangkat IEP ng mag-aaral, kahit na kung ang asal ng mag-aaral ay nagpapakita ng kanyang kapansanan ng hanggang 45 paaralang araw kung siya ay:

1. Nagdadala ng armas sa paaralan o mayroong armas sa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa isang pagdiriwang sa paaralan sa ilalim ng kapangyarihan ng isang distritong paaralan.
2. Alam ang pagkakaroon o gumagamit ng ilegal na droga, o nagbebenta o nangingilak ng pagbebenta ng kontroladong sangkap, habang nasa paaralan, sa paligid ng paaralan, o isang pagdiriwang ng paaralan sa ilalim ng nasasaklaw ng distritong paaralan; o,
3. Nakasakit ng malubha sa katawan ng ibang tao samantalang nasa paaralan, sa paligid ng paaralan, o sa isang pagdiriwang ng paaralan sa ilalim ng nasasaklaw ng distritong paaralan.

Pananagutan sa mga mag-aaral na mabigyan ng mga serbisyong pang-edukasyonal

Simula sa oras na pasimulan ng mga magulang/tagapag-alaga ang hakbang na pantay na pagdinig sa pamamagitan ng pamaraan sa pag-aapela, Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay kinakailangang ipagpatuloy ang serbisyo na pang-edukasyonal, na maaaring hindi na maibigay sa kapaligiran ng paaralan. Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay kinakailangan rin na magbigay ng mga serbisyo sa mga mag-aaral na nasuspendi ng matagal o napatalsik sapagka't ang kanilang pag-uugali ay walang kaugnayan sa kanilang kapansanan, at sa mga mag-aaral na nasa panandaliang suspensyon na nasuspendi ng mahigit sa sampung araw na magkakasunod na araw ng pasok sa isang paaralang taon. Ang punong-guro ng paaralan na nagmungkahi ng pagdidisiplina ay maaaring mag-utos sa nararapat na (mga) guro na magbigay at imonitor rin ang araling-pambahay.

Kahit na ang pagdidisiplina ay ipinatupad, kasama ang pagsuspendi at pagpapatalsik, ang mag-aaral ng espesyal na edukasyon ay kailangang patuloy na makatanggap ng espesyal na edukasyon at may kaugnayang mga serbisyo na kinakailangan upang makatanggap ng libre at nararapat na edukasyon.

Mga Plano para sa Pamamagitan sa Positibong Pag-uugali

Ang plano para sa pamamagitan ng pag-uugali ay kinakailangang bahagi para sa IEP ng isang bata na ang pag-uugali ay humahadlang sa kanyang pagkatuto o ng iba. Ang plano ay kailangang magkaroon ng mga nararapat na paraan, kabilang na ang positibong pamamagitan sa pag-uugali at pagsuporta para mapagtuunan ang pag-uugali. Kung ang espesyal na edukasyon na mag-aaral ay may BIP na tumutukoy sa pag-uugali para disiplinahin, ang plano ang mamamahala at magbibigay ng kinakailangan sagot para sa pag-uugali na iyon. Ang pag-uugali na hindi natukoy sa plano ng pag-uugali ay kailangang disiplinahin ng may espesyal na pagsasaalang-alang na nababagay para sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon na nakalagay sa itaas.

Patalastas sa mga Mag-aaral at Magulang na Iniutos ng Batas Pederal ng 1989 na Walang Droga sa Paaralan at Pamayanan

Ipinagbabawal ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ang labag sa batas na pagkakaroon, paggamit o pamamahagi ng bawal na mga gamot at alkohol ng mga mag-aaral sa lugar ng paaralan o bilang bahagi ng mga aktibidad ng paaralan. Ang pagsunod sa alituntuning ito ay sapilitan; ang mga mag-aaral na magwalang- bahala sa pagbabawal ay isususpendi ng matagal o mapapatalsik. Ang pagkakaroon at paggamit ng ilegal na gamot at ang labag sa batas na paggamit ng alkohol ay mali at nakakapinsala sa kalusugan at edukasyon. Ang Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay nagbibigay, o maaaring tumulong sa pag-aayos ng pagkakaroon sa pagpapayo sa gamot at alkohol, pagbabagong-buhay, at sa pagpasok muli sa programa, para sa karagdagang impormasyon kontakin ang punong-guro at tagapayo ng paaralan.

Apendiks A

Mga Pakahulugan

Ang mga sumusunod ay mahalagang pakahulugan na ginagamit sa iba't-ibang bahagi ng dokumentong ito.

Panig ng Nag-aapela: Ang magulang, tagapag-alaga, o mag-aaral na gumagamit ng mga pamamaraan sa pag-aapela na makikita sa WAC 392-400 sa pagtutol sa aksiyong pangdisiplina o pagpapatama na ibinigay sa isang mag-aaral ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle.

Pagpapalit ng Kinalalagyan: Ang pag-aalis sa isang espesyal na edukasyon na mag-aaral mula sa kaniyang kasalukuyang kinalalagyang edukasyonal ng mahigit sa (10) sunod-sunod na araw; o serye ng sunod-sunod na pagpapaalis na nangangahulugan ng magkakatulad na pagpapatalsik sapagkat ang pagpapaalis ay umabot sa mahigit na sampung (10) sunod-sunod na araw ng pasok sa isang taon. Ang magkakatulad na pagpapaalis ay pinagpapasyahan ng naaayon sa bawat kaso.

Disiplina: Para sa layunin ng dokumentong ito, ang lahat ng uri ng aksiyong pangdisiplina, kahit na nakabase sa paaralan o nagresulta sa suspensyon o pagpapatalsik mula sa paaralan.

Emerhensiyang Pagpapatalsik: Ang pagpapaalis agad sa isang mag-aaral mula sa paaralan dahil sa masamang pag-uugali na batay sa administrador ay may mabuti at sapat na dahilan para paniwalaan na ang pagtigil ng mag-aaral ay mapanganib para sa kaniyang sarili o sa iba, o isang kagyat o patuloy na banta na malaking panggugulo sa pamamaraan ng pag-aaral sa paaralan

Pagpapatalsik: Ang pagpapatalsik ay isang pormal na di-pagtanggap dahil sa masamang pag-uugali ng isang mag-aaral na hindi kailanman makakabalik sa partikular na paaralan sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle na pinapasukan niya. Kung ang pagpapatalsik ay mula sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, ang mag-aaral ay hindi na makakabalik sa alinmang paaralan o programa ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle hanggang isang kalendaryong taon

Ang mag-aaral ay may karapatan sa isang pakikipagpulong muli sa ilalim ng RCW28A.6000.022, na itatakda sa loob ng 20 araw ng mapatalsik ang mag-aaral.

Nasa-bahay na Suspensyon (Nasa Paaralan): Ito ay isang maaaring maiulat na aksiyon ng estado na ginagamit ng paaralan bilang pagtutuwid na aksiyon upang alisin ang isang mag-aaral mula sa instruksiyon o mga aktibidad ng paaralan. Ang aksiyong ito ay nangangailangan ng Abiso ng Aksiyong Pangdisiplina.

Pansamantalang Mapagpipiliang mga Kapaligiran sa Pag-aaral (IAES): Sa mga kaso na may kasangkot na armas batay sa kahulugan ng batas ng estado at pederal, kontroladong sangkap, o grabeng pinsala sa katawan, ang kawani ng paaralan ay maaaring humiling na palitan ang kinalalagyan n mag-aaral sa espesyal na edukasyon sa isang nararapat na pansamantalang kakaibang alternatibong kapaligiran sa pag-aaral katulad sa panahon na ang isang mag-aaral na walang kapansanan ay maaaring gawaran ng disiplina, ngunit hindi hihigit pa sa 45 araw na kalendaryong pasok. Ang pansamantalang alternatibong kapaligiran sa pag-aaral ay pinili ng sa gayon ay makapagpatuloy ang mag-aaral sa pag-unlad sa pangkalahatang kurikulum habang nasa ibang lugar, at ng patuloy na makatanggap ng mga serbisyo at pagbabago na inilalarawan sa kasalukuyang IEP ng mag-aaral na makakatulong sa mag-aaral na makamit ang mga layunin na nasa IEP.

Pangmatagalang suspensyon: Ang suspensyon na mahigit pa sa 10 araw at karaniwang mababa sa 90 araw. Ang mag-aaral ay may karapatan sa mga serbisyong edukasyonal hanggang sa katapusan ng suspensyon. Ang mga mag-aaral sa elementarya ay hindi maaaring masuspendi ng pangmatagalan.

Pagpapahayag ng Determinasyon: Isang pagsusuring muli ng ugnayan sa pagitan ng espesyal na edukasyon o isang seksyon 504 na kapansanan ng mag-aaral at ang pag-uugali na naging dahilan ng pagdidisiplina. Kung ang resulta ng pagsusuri ay hindi nangyari ang pag-uugali dahil sa kaniyang kapansanan o hindi naisagawa ang

kasalukuyan Planong Indibidwal na Edukasyon(IEP) ng mag-aaral, ang mag-aaral ay maaaring disiplinahin sa parehong paraan ng mag-aaral na walang kapansanan sa magkatulad na kasalanan. Ang Pagpapahayag ng determinasyon para sa mag-aaral ng Espesyal na Edukasyon ay sa IEP na pangkat o Pangkat na Nagpapahayag ng determinasyon (MDT). Ang Pagpapahayag ng Determinasyon para sa mag-aaral na may planong Seksyon 504 ay ginagawa ng pangkat ng Pamamagitan ng Mag-aaral (SIT) sa paaralan. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay inaanyayahan na maging miyembro ng pangkat na ito kapag ang asal ng kanilang anak ang tinatalakay.

Pamamagitan: Isang kasunduan sa pagitan ng paaralan at mag-aaral o magulang/tagapag-alaga na ang isang partikular na aksiyong pangdisiplina ay babaguhin at kung paano ito babaguhin. Ang mga mag-aaral at magulang /tagapag-alaga ay sang-ayon na sa paglagda sa kasunduan ng pamamagitan ang lahat ng katotohanan at legal na mga isyu na kaugnay sa isang partikular na pagdisiplina ay sa wakas nalutas na nang buo, at ang mga mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay hindi na magsasampa ng apela na may kaugnayan sa insidente ng pagdisiplina. Ang pormularyo sa pamamagitan sa Abuso sa Sangkap ay nasa Apendiks A, at ang pormularyo sa pamamagitan para sa lahat ng ibang pamamagitan sa pangdisiplina ay nasa Apendiks B.

Pabatid sa Aksiyong Pangdisiplina (NDA): Isang sulat na ginawa sa Power School upang ipabatid sa mga magulang/tagapag-alaga ang tungkol sa asal ng mag-aaral na naging dahilan ng aksiyong pangdisiplina.

Patuloy na Pagdidisiplina: Ang matagal na sunod-sunod na paggamit ng mas mahigpit na aksiyon pangdisiplina na kailangan upang mahubog ang asal. Ang pagsunod-sunod ay maaaring kabibilangan ng mga pagtugon sa silid-aralan, mga aksiyon ng paaralan, suspensyon ng paaralan, maigsi at pangmatagalang suspesyon. Para sa layunin ng pagtatatag ng progresibong disiplina, ang mga paaralan ay hindi kailangan na isaalang-alang ang mga pagkakasala na nangyari bago ang pagsisimula ng nakaraang paaralang taon o nakaraang 180 araw na aralan.

Makatwirang Paggamit ng Dahas: Ang paggamit ng sapat na pisikal na dahas ng isang administrador ng paaralan, guro, kawani ng paaralan, o nagboboluntaryo na kinakailangan para mapanatili ang kaayusan o mapigilan ang mag-aaral sa pananakit sa kaniyang sarili, ibang mag-aaral, kawani ng paaralan at/o ari-arian. Ang nasabing pisikal na dahas ay hindi ipinalalagay na korporal na tamang pagpaparusa

Muling Pag-uusap na Pulong: Isang kinakailangang pulong para sa mag-aaral na nasuspendido ng pangmatagalagan o napatalsik. Ang mag-aaral, magulang/tagapag-alaga, at tamang kawani ng paaralan ay magiging bahagi ng pulong na ito. Ang muling pag-uusap na pulong ay itatakda sa panahon ng suspensyon/pagpapatalsik at kailangang maganap sa loob ng 3 araw ng pagkakasuspendi. Sa pulong, isang nakasulat ng plano ng kasunduan ay gagawin na tumutukoy sa karagdagang edukasyonal na mga serbisyo na tatanggapin habang ang mag-aaral ay suspendido o napatalsik. Ang plano ay kailangang din matukoy kung ano ang makatutulong sa mag-aaral na gawin ang kailangang hakbang upang malutas ang sitwasyon at/ o maayos ang relasyon na nagbunga ng suspensyon o pagkatsalik.

Programang Pagpasok Muli: Isang programa ng Distrito para sa mga mag-aaral sa sekondarya na nagbibigay ng instruksiyon sa pagbabagong asal gayundin sa mga kursong akademiko para sa mga mag-aaral na nakasuspendido ng matagal o napatalsik sa kanilang paaralan sa paglabag sa kaasalan na nakasulat sa *Matrix ng Disiplina ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle* para sa 2017-2018 paaralang taon.

Araw na Bukas ang Paaralan: Anumang araw sa kalendaryo na ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay bukas sa publiko para sa anumang pakikipag-transaksyon, maliban kung pista opisyal sa paaralan.

Pangkat na Nagtataya ng Pagbabanta sa Paaralan (STAT): Ang STAT, bahagi ng Tanggapan ng Kaligtasan at Siguridad ay nakikipagtulungan sa mga pangkat na nakabase sa paaralan at tinataya ang katotohanan ng mga banta, tumutulong sa mga administrador sa pagtukoy at pagpapagaan ng mga pangyayari at pagbabago na umuugnay sa karahasan ng kabataan, gumagawa ng mga plano sa kaligtasan at nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamahala sa kaso.

Limitasyon sa Taon ng Pasok: Ang parusa sa pagdidisiplina na ibibigay sa mag-aaral sa isang taon ng pasok ay karaniwang hindi nadadala at nakakaapekto sa mga susunod na taon maliban kung ang aksiyong pangdisiplina ay ibinigay sa pinakatapusan ng taon ng pasukan. Para sa layunin ng pagtatag ng patuloy na pagdidisiplina, ang mga paaralan ay maaaring hindi ikonsidera ang mga pagkakasala na nangyari bago magsimula ang nakaraang aralang taon o sa nakaraang 180 ng araw ng pasok, alinman ang mabigat, maliban sa kaso ng ilang uri ng pagbabanta na karahasan.

Panandaliang Suspensyon:

Ang suspensyon na hindi lalagpas sa sampu na (10) magkakasunod na araw ng pasok. Sa mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, ang mag-aaral na sumasailalim sa panandaliang suspensyon ay karaniwang bumabalik sa parehong paaralan sa katapusan ng suspensyon. Ang mag-aaral na may panandaliang suspensyon ay may karapatan sa mga serbisyong edukasyonal sa buong panahon ng suspensyon.

Mag-aaral ng Espesyal na Edukasyon: Isang mag-aaral na nakamit ang mga kailangan sa pagkakaroon ng karapatan para sa isa o higit na mga kategorya ng pagkabaldado na tinutukoy sa WAC, at isang nangangailangan ng instruksiyon na espesyal na dinisenyo o instruksiyon sa asal.

Espesyal na Populasyon: Ang espesyal na populasyon ay kinabibilang ng espesyal na edukasyon at mag-aaral ng Seksyon 504, a Mag-aaral ng Wikang Ingles (ELL).

Suspensyon: Ang pormal na pagbabawal sa isang mag-aaral na pumasok sa paaralan sa isang itinakdang panahon. Hindi ito kinabibilangan ng di-pormal na pagpapaalis mula sa klase para sa “disiplina” na layunin. Ang mag-aaral na nasuspendi sa paaralan ay may karapatan sa mga serbisyong edukasyonal sa buong panahon ng suspensyon.

Pagsasangguni ng Pagtantiya sa Pagbabanta: Ginawa kaugnay sa emerhensiyang pagpapatalsik ng isang mag-aaral sa paaralan nang ang mag-aaral ay gumawa ng isang kapani-paniwalang mapanganib na banta o nagpapakita ng malaswang pagpukaw o asal na agresibong sekswal kahit na may mga pamamagitan at aksiyong pangdisiplina. Bilang resulta sa pagsasangguni, isang pagtantiya sa banta ay gagawin ng Pangkat ng Pagtantiya sa Banta. Isang plano para ibalik na ligtas at subaybayan ang mag-aaral sa paaralan o Distrito ay kailangang nakahanda na bago bumalik ang mag-aaral. Ang isang emerhensiyang pagpapatalsik ay maaaring iapela ng mag-aaral at/ o ng magulang tagapag-alaga batay sa batas ng Estado.

Apendiks A: PAMAMAGITAN SA DROGA/ALKOHOL



Pangalan ng Mag-aaral _____ ID _____

Paaralan _____

1. Ang pamamagitan ito ay narating sa ginawang pagpupulong sa mag-aaral at magulang/tagapag-alaga dahil sa naakusahan ang mag-aaral ng Pamamahagi ng **Pinagbabawal na Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Reseta o Gamot na Mabibili ng Walang Reseta**, Pamamahagi ng mga Inuming may Alkohol, Pamamahagi ng Marihuana, Pagkakaroon o Paggamit ng **Ipinagbabawal na Gamot, Kontroladong mga Sangkap, Reseta o Gamot na Mabibili ng Walang Reseta**, Pagkakaroon o Paggamit ng Inuming may Alkohol, o Pagkakaroon o Paggamit ng Marihuana. Sumasang-ayon ang paaralan sa mga sumusunod:
 - a. Ang akusa at paglalarawan sa bagay na ito ay magiging ang mga sumusunod:
 - Walang Pagbabago
 - Ang paggamit ng mga salita sa mga bahaging ito ay babaguhin upang maging mga sumusunod:

 - b. Upang bawasan ang Pangmatagalang Suspensyon sa paglabag ng _____ sa sumusunod na bilang ng mga araw sa pagkatanggap ng pagpapatunay na ang mag-aaral ay mayroong pakikipagkita na tatasahan ng isang inaparubahan ng Distrito na propesyonal sa pag-abuso sa sangkap at sumasang-ayon na sumunod sa mga rekomendasyon ng tagatasa:
 - Panandaliang suspensyon na _____ araw.
 - Pangmatagalang suspensyon na _____ araw.
 - c. Sumasang-ayon pa din ang paaralan na baguhin ang impormasyon ng insidente na makikita sa PowerSchool upang maglarawan sa kasunduang ito, at upang magbigay ng isang sinusugang NDA sa magulang /tagapag-alaga sa loob ng 3 araw.
2. Ang mag-aaral/magulang/tagapag-alaga ay sumasang-ayon sa mga sumusunod:

Makakuha ng pagtatasa ng isang inaprubahan ng Distrito na propesyonal sa pag-abuso sa sangkap, na gastos ng magulang.

 - o Sumunod sa rekomendasyon ng taga-tasa.
 - o Lumagda ng mga pagpapalabas upang pahintulutan ang paaralan na makipagpalit ng impormasyon sa taga-tasa.
3. Sa karagdagan, ang sumusunod na mga kondisyon ay maaring ilagay:

Ang paaralan, mag-aaral, magulang/tagapag-alaga ay sumasang-ayon na sa paglagda dito sa kasunduan ng pamamagitan lahat ng kaatotohanan at legal na mga isyu kaugnay sa disiplina ito ay sa wakas nalutas nang buo, at ang mag-aaral ay magulang/tagapag-alaga ay hindi na magsasampa ng apela kaugnay dito sa insidente ng pagdisiplina.

Kung si _____ ay hindi tinupad ang mga inuutos ng pamamagitan ito, ang orihinal na mga kaso at disiplina ay ibabalik.

Administrador

Mag-aaral

Magulang/ Tagapag-alaga

Petsa

Apendiks B: PAMAMAGITAN PARA KAY _____

ID ng Mag-aaral: _____

Petsa: _____

Ang pamamagitang ito ay narating sa pagdinig sa apela sa pangdisiplina na ginawa sa araw na ito. Ang magkabilang panig ay sumasang-ayon sa mga sumusunod na sinasaad ng pamamagitan:

1. Ang paaralan ay sumasang-ayon na ang mga akusa at paglalarawan sa bagay na ito ay ang mga sumusunod:⁵⁶

2. Ang paaralan ay sumasang-ayon na gawin ang sumusunod:

3. Ang mag-aaral ay sumasang-ayon na gawin ang sumusunod:

4. Sa karagdagan, ang sumusunod na mga kondisyon ay maaaring ilagay sa lugar (lagyan ng tsek ang sinang-ayunan na mga kondisyon):

- Ang mag-aaral ay magkakaroon ng lingguhang ulat ng progreso sa pamamagitan ng _____.
- Ang mag-aaral ay magpapakita ng magandang asal at walang iba pang insidente ng magkakamukhang asal sa klase o sa paligid ng paaralan.
- Ang mag-aaral ay dadaluhan ang lahat ng klase at papasok ng nasa oras sa lahat ng klase. Ang mag-aaral ay magiging handa na gumawa kapag nagsimula ang klase. Ang kahihinatnan ng paglabag sa tadhanang ito ay _____.

Kung si _____ ay hindi tinupad ang mga ipinag-uutos sa pamamagitan ito, ang orihinal na mga akusa at disiplina ay ibabalik. Ang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga ay sumasang-ayon na sa paglagda dito sa kasunduan sa pamamagitan ito, lahat ng katotohanan at mga legal na mga isyu kaugnay sa disiplina ito ay sa wakas nalutas nang buo, at ang mag-aaral at magulang/ tagapag-alaga ay hindi na magsasampa ng apela na may kaugnayan dito sa insidente ng disiplina.

Administrador

Mag-aaral

Opisyal na Pagdinig o Ibang Testigo

Magulang/ Tagapag-alaga

⁵⁶ Kung ang seksyon ng mga bintang at/ o mga puna ng NDA ay mananatiling pareho, sabihing “Walang Pagbabago”. Ang mga pagbabago na nakalista dito ay kailangang nakikita ang impormasyon ng insidente sa Power School at ang sinusugang NDA ay kailangang maibigay sa magulang/ tagapag-alaga sa loob ng 3 araw.